

Collective Agreement kolektibong kasunduan

Between / Sa Pagitan Ng



and / at



Consumer Foods Inc.

Effective Date / Petsa ng Simula
January 1, 2016

Expiry Date / Petsa ng Pagtatapos
December 31, 2020

Collective Agreement kolektibong kasunduan

Between / Sa Pagitan Ng



and / at



Consumer Foods Inc.

Effective Date / Petsa ng Simula
January 1, 2016

Expiry Date / Petsa ng Pagtatapos
December 31, 2020

Name _____

Address _____

Telephone No. _____

Work Address _____

Work Telephone No. _____

Shop Steward _____

Telephone No. _____

Assistant Shop Steward _____

EMERGENCY PHONE NUMBERS

Police _____

Fire Department _____

Doctor _____

In case of emergency, please Inform:

Name _____

Address _____

Telephone No. _____

President's Message

Mensahe ng Presidente

A union collective agreement is like a Charter of Rights. It explains, protects and guarantees your rights on the job. It stipulates the wages you must be paid, the benefits you must receive. It puts down on paper your right to dignity and respect at work.



Ang collective agreement ng unyon ay katulad ng Katibayan ng mga Karapatan. Ipinapaliwanag, pinoprotektahan, at ginagarantiyahan nito ang iyong mga karapatan sa trabaho. Isinasaad dito ang mga kabayaran na dapat ibayad sa iyo, ang mga benepisyo na dapat mong matanggap. Inilalagay nito sa papel ang iyong karapatan sa dignidad at respeto sa trabaho.

It is important that you know your rights, the wages and benefits you are entitled to receive. Please take the time to read through this agreement. If you have any questions about it, talk to a shop steward in your workplace—or phone your full-time union representative. They are also the people to talk to if you feel the rights and benefits outlined in this document are not being provided to you.

Mahalaga na malaman mo ang iyong mga karapatan, mga kabayaran at benepisyo na karapat-dapat mong matanggap. Maaari lamang na bigyan mo ng oras na basahin ng buo ang kasunduang ito. Kung ikaw ay may mga katanungan tungkol ditto, makipagusap lamang sa isang shop steward sa iyong lugar ng trabaho—o tawagan ang iyong full-time na kinatawan ng unyon. Sila ay mga tao na maaari mong kausapin kung iyong nararamdaman na ang mga karapatan at benepisyonag nakalimbag sa dokumentong ito ay mga hindi naibibigay sa iyo.

Sincerely / Sumasainyo,

A handwritten signature in black ink, appearing to read "Jeff Traeger". The signature is fluid and cursive.

Jeff Traeger,

President UFCW Local 832

Presidente UFCW Lokal 832

Maple Leaf Consumer - Index / Indise

Title/Pamagat	Section/ Seksyon	Page/ Pahina
Adjustment Of Grievances		
Pagbago Ng Mga Reklamo.....	22	133
Appendices		
Mga Apendiks	30	154
Bereavement Leave		
Kabayaran Dahil Nagluluksa	19.08	124
Bulletin Boards		
Mga Bulletin Board	24	145
CCWIPP Lost Benefits		
Mga Nawalang Benepisyo Sa CCWIPP.....	Appendix A-3	168
Chief And Assistant Chief Steward		
Chief At Assistant Chief Steward	Ltr#3	203
Citizenship Leave		
Pagliban Ng Pagkamamamayan.....	19.11	129
Classifications And Rates Of Pay		
Mga Pag-Uuri At Halaga Ng Sahod ..	Appendix B	174
Clean Up Time		
Oras Ng Paglinis	5.12	16
Company And Union Co-Operati39		
- Shop Stewards		
Pagtutulungan Ng Kompanya At Unyon		
- Mga Shop Steward	25	146
Compassionate Leave		
Pagliban Ng Pakikiramay	19.10	128
Corporate Trainer		
Corporate Na Tagapagsanay.....	32.02	157
Deduction Of Union Dues		
Pagbawas Ng Kabayaran Sa Unyon.....	3	19
Doctor's Notes		
Tanda Ng Doktor	Appendix A-5	172
Education And Training Trust Fund		
Trust Fund Na Pang-Edukasyon		
At Pagsasanay.....	Appendix C	182
Ergonomics		
Ergonomya	16.13	108

Title/Pamagat	Section/ Seksyon	Page/ Pahina
Exhibit One		
Unang Eksibit	Form	213
Expiration And Renewal		
Pagtatapos At Pagpapanibago	34	159
Family Responsibility Leave		
Pagliban Dahil Sa Responsibilidad Sa Pamilya	19.09	127
General Holidays		
Mga Karaniwang Araw Ng Pahinga	11	68
Grievance Investigations		
Pag-Imbestiga Ng Reklamo.....	25.04	147
Health And Safety Committee		
Lupon Ng Kalusugan At Kaligtasan.....	16.02	95
Health And Safety Cooperation/Reduction Of Accidents & Injuries/Ergonomics		
Pakikipagtulungan Sa Kalusugan At Kaligtasan/Pagbawas Ng Mga Aksidente At Pagkapinsala / Ergonomya.....	16.12	106
Health And Safety		
Kalusugan At Kaligtasan	16	94
Health And Welfare Plan, Dental Plan & Pension Plan		
Planong Pangkalusugan At Pangkapakanan, Planong Dental, Planong Pensiyon.....	Appendix A	163
Health And Welfare		
Kalusugan At Kapakanan	20	129
Hours Of Work		
Mga Oras Ng Trabaho.....	5	21
Information		
Impormasyon	22.02	134
Injury At Work		
Pagkapinsala Sa Trabaho.....	12.02	73
Job Alteration-New Job Introduced		
Pagbabago Ng Trabaho – Pagpapakilala Ng Bagong Trabaho. Appendix D-2		188
Job Rotation Committee		
Lupon Ng Pagpapaikot Ng Trabaho.....	10	66

Title/Pamagat	Section/ Seksyon	Page/ Pahina
Job Titles And Classifications		
Mga Pangalan Ng Trabaho At Mga Pag-Uuri Nito.....	Appendix D	184
Jury Duty/Selection		
Tungkulin Ng/Pagkapili Bilang Hurado	19.06	122
Knife Sharpening		
Paghahasa Ng Kutsilyo	16.10	102
Lagimodi Success Sharing Plan		
Planong Matagumpay Na Pagbabahagi Ng Lagimodi	Ltr#4	205
Lay-Off And Recall From Lay-Off		
Pagtanggal At Pagbalik Galing Sa Pagkatanggal.....	8	53
Lay-Off Notice/Definition Of		
Abiso Ng Pagkatanggal / Pagtukoy	8.01	53
Lead Hand Premium		
Mataas Na Kabayaran Ng Punong Kamay ...	32.01	157
Lead Hand/Corporate Trainer/ Buddy Training		
Punong Kamay/Corporate Na Tagapagsanay/ Pagsasanay Na May Katambal.....	26.03	150
Leaves Of Absence		
Mga Pagliban	19	112
Locker Search		
Pagsisiyasat Ng Locker.....	29	153
Maintenance And Powerhouse		
License Renewals		
Mga Pagpapanibago Ng Lisensya Para Sa Maintenance At Powerhouse ..	Appendix B-4	179
Maintenance Wage Survey		
Maintenance Wage Survey.....	Appendix B-5	179
Management Rights And Functions		
Mga Karapatan At Tungkulin Ng Administrasyon.....	15	93
Manitoba Food & Commercial Workers, Local 832		
Education And Training Trust Fund		
Manitoba Food & Commercial Workers, Lokal 832, Trust Fund Na Pang-Edukasyon At Pagsasanay...	28	153

Title/Pamagat	Section/ Seksyon	Page/ Pahina
Manitoba Food And Commercial Workers		
Dental Plan		
Planong Dental Ng Manitoba Food & Commercial Workers	Appendix A-2	166
Marion Street And Warman Road		
Closure Agreement.....	Ltr#2	201
Maternity Leave		
Pagliban Ng Pagka-Ina	19.04(A)	115
Meal And Rest Periods		
Panahon Ng Pagkain At Pahinga.....	5.10	35
MLF Plan 200		
MLF Plan 200.....	Appendix A-4	170
Modified Duties/		
Alternate Work Arrangements		
Binagong Mga Tunkulin / Alternatibong Pagsasaayos Ng Trabaho.....	13	74
Nature of the Bargaining Unit		
Katangian Ng Bargaining Unit.....	1	15
No Harassment/Discrimination		
Walang Panliligalig/Diskriminasyon.....	2.04	18
Off-Shift Premium		
Wala Sa Regular Na Oras Ng Pagtrabaho Na Mataas Na Kabayaran	32.03	158
Overtime Meal		
Pagkain Sa Higit Sa Bilang Ng Oras Ng Pagtrabaho	6.06	44
Overtime		
Oras Na Higit Sa Bilang Ng Oras Ng Pagtrabaho.....	6	40
Parental Leave/Adoption Leave		
Pagliban Ng Pagka-Magulang / Pagliban Ng Pag-Ampon	19.04(B)	117
Part-Time Employees' Hours Of Work		
Mga Oras Ng Trabaho Ng Part-Time Na Mga Empleyado.....	5.08	27
Pay Period-Direct Deposit		
Panahon Ng Sahod-Direktang Pagdeposito	27	151

Title/Pamagat	Section/ Seksyon	Page/ Pahina
Payroll Errors		
Mga Pagkakamali Sa Sahod	27.02	152
Personal Breaks		
Mga Pansariling Pahinga	5.11	38
Personal Leave (1-4 Days)		
Pansariling Pagliban (1 – 4 Na Araw)	19.05	121
Personal Leave		
Pansariling Pagliban	19.02	113
Premium Pays		
Mga Mataas Na Kabayaran.....	32	157
Probationary Period		
Panahon Na Hindi Regular	4	20
Protective Clothing/Equipment Provided By The Company		
Damit/Kagamitan Na Pananggalang Na Ibinigay Ng Kompanya.....	16.08	100
Relieving Rates		
Mga Halaga Ng Sahod Ng Karelyebo.....	26	149
Removal Of Disciplinary References		
Pagtanggal Ng Mga Pagtukoy Sa Pagdisiplina	21.04	132
Reprimands		
Mga Mahigpit Na Pangangaral	21	130
Respect And Dignity		
Respeto At And Karangalan	31	154
Rest And Meal Period Committee		
Lupon Ng Panahon Ng Pahinga At Pagkain	Ltr#6	209
Right To Refuse Dangerous Work		
Karapatan Na Tumanggi Sa Mapanganib Na Trabaho	16.06	98
Safety Boots		
Botang Pangkaligtasan.....	16.11	102
Scheduled Twelve (12) Hour Shifts For Full-Time Power Engineers And Wastewater Treatment Employees		
Nakatalagang Labindalawang (12) Oras Na Oras Ng Pagtrabaho Para Sa Full-Time Na Mga Power Engineer At Mga Empleyado Ng Wastewater Treatment	Appendix E	193

Title/Pamagat	Section/ Seksyon	Page/ Pahina
Scheduling And Posting Work Schedule		
Pagtakda At Pagpahayag Ng Oras		
Ng Trabaho	5.09	29
Selection Of An Arbitrator		
Pagpili Ng Isang Tagahatol	23	139
Seniority - Part-Time		
Katandaan - Part-Time	7.08	52
Seniority Recognition	Ltr#1	198
Seniority		
Katandaan	7	45
Strikes And Lockouts		
Mga Pagwelga At Pagbabawal.....	17	109
Temporary Transfers		
Mga Pansamantalang Paglipat.....	Ltr#5	207
Time Clocks		
Mga Orasan.....	5.09(4)	34
Tools		
Mga Instrumento	16.09	101
Trade Apprenticeship Program		
Programang Pag-Aaral Ng Trabaho..	Appendix B-2	177
Translation		
Pagsasalin	33	159
UFCW/Maple Leaf Foods Inc. Benefit Trust Fund		
Benepisyong Trust Fund Ng UFCW/		
Maple Leaf Foods Inc.	Appendix A-1	163
Union Representative's Visits		
Mga Pagbisita Ng Kinatawan Ng Unyon	18	109
Union Shop		
Pagawaan Ng Unyon	2	16
Vacancies/Classification Postings		
Mga Bakanteng Trabaho/		
Paguuri Ng Mga Ipinaskil	9	57
Vacation Scheduling		
Pagtatakda Ng Bakasyon	14.08	82
Vacations With Pay		
Mga Bakasyon Na May Kabayaran	14	75

Title/Pamagat	Section/ Seksyon	Page/ Pahina
Wages		
Mga Sahod.....	12	72
Witness Leave		
Kabayaran Sa Pagiging Testigo	19.07	123

EXPIRY DATE: DECEMBER 31, 2020
PETSANG PAGTATAPOS: DISYEMBRE 31, 2020

AGREEMENT BETWEEN:

KASUNDUAN SA PAGITAN NG:

MAPLE LEAF CONSUMER FOODS INC., a body corporate carrying on business in the province of Manitoba (hereinafter referred to as the "Company")
MAPLE LEAF CONSUMER FOODS INC., isang korporasyon na nagnenegosyo sa probinsya ng Manitoba (na simula dito ay tatawagin bilang “Kompanya”)

AND

AT

UNITED FOOD & COMMERCIAL WORKERS UNION, LOCAL No. 832, chartered by the United Food & Commercial Workers International Union (hereinafter referred to as the "Union")
UNITED FOOD & COMMERCIAL WORKERS UNION, LOCAL No. 832, na kinikilala ng United Food & Commercial Workers International Union (na simula dito ay tatawagin bilang “Unyon”)

WHEREAS: The Company and the Union desire to co-operate in establishing and maintaining conditions which will promote a harmonious relationship between the Company and the employees covered by this Collective Bargaining Agreement, to provide methods for fair and amicable adjustment of disputes which may arise between them and promote efficiency and improved operations;

DATAPWA'T: Ang Kompanya at ang Unyon ay gustong magtulungan sa pagaayos at pagpapanatili ng mga kondisyon na magtataguyod ng magkabagay na relasyon sa pagitan ng Kompanya at ng mga empleyado na sakop ng Collective Bargaining Agreement na ito, upang magbigay ng mga paraan para sa makatarungan at mapayapang pagaayos ng mga alitan na maaaring mangyari sa pagitan nila at magtaguyod ng kahusayan at pinabuting mga operasyon;

NOW THEREFORE, THE UNION AND THE COMPANY MUTUALLY AGREE AS FOLLOWS:

SAGAYON, ANG UNYON AT ANG KOMPANYA AY KAPWA SUMASANG-AYON SA MGA SUMUSUNOD:

SECTION 1

NATURE OF THE BARGAINING UNIT

KATANGIAN NG BARGAINING UNIT

1

1.01 The Company agrees to recognize the Union as the sole agency for the purpose of collective bargaining for all employees working at its meat processing facility, whether full-time or part-time, at its plant located in the Province of Manitoba, save and except working supervisors and those above such rank, security personnel, office and quality control persons, and those excluded by the Act.

Sumasang-ayon ang Kompanya na kilalanin ang Unyon bilang nag-iisang ahensya para sa layunin ng collective bargaining para sa lahat ng empleyado na nagtatrabaho sa kanilang pasilidad na nagpoproseso ng karne, maging full-time o part-time, sa planta nito na matatagpuan sa Probinsya ng Manitoba, kundi at maliban sa mga nagtatrabahong tagapamahala at iyong mga nasa ibabaw ng ranggong iyon, tauhan na pang-seguridad, mga tao sa opisina at pamamahala ng kalidad, at iyon mga hindi kasama sa Batas na ito.

Employees excluded from the bargaining unit, as indicated in Section 1.01 above, will not perform bargaining unit work to displace an employee who would otherwise be entitled to a scheduled shift for such work.

Ang mga empleyado na hindi kasama sa bargaining unit, na nakasaad sa Seksyon 1.01 sa itaas, ay hindi gagawa ng trabaho ng bargaining unit upang alisin ang isang empleyado na may karapatan na magtatrabaho sa oras na iyon para sa trabahong iyon.

2

SECTION 2 UNION SHOP PAGAWAAN NG UNYON

2.01 The Company agrees to retain in its employ within the bargaining unit, as outlined in Section 1 of this Collective Bargaining Agreement, only members of the Union in good standing. The Company shall be free to hire or rehire new employees who are not members of the Union, provided said non-members, whether part-time or full-time, shall be eligible for membership in the Union and shall make application on the official membership application form within ten (10) calendar days from date of hire or rehire and become members within thirty (30) calendar days.

Sumasang-ayon ang Kompanya na panatilihin sa loob ng bargaining unit, na nakasaad sa Seksyon 1 ng Collective Bargaining Agreement na ito, ang mga miyembro lamang ng Unyon na maganda ang katayuan. Malayang tatanggap ng mga bago o mga dating empleyado ang Kompanya na hindi mga miyembro ng Unyon, sa kondisyon na ang mga nasabing hindi miyembro, maging part-time o full-time, ay karapat-dapat na maging kasapi sa Unyon at magpapasa ng opisyal na pormularyo ng aplikasyon ng miyembro sa loob ng sampung (10) araw sa kalendaryo mula sa araw ng pagkatanggap sa trabaho o muling pagkatanggap sa trabaho at maging miyembro sa loob ng tatlung (30) araw sa kalendaryo.

2.02 The Company agrees to provide each new employee and rehired employee, at the time of employment, with a form letter outlining to the employee his responsibility in regard to payment of union dues and initiation fee.

Sumasang-ayon ang Kompanya na magbigay sa bawat bagong empleyado at muling tinanggap na empleyado, sa oras ng kanyang pagkatanggap sa trabaho, ng isang kasulatan na ibinabanghay sa empleyado ang kanyang responsibilidad tungkol sa kabayaran sa unyon at bayad sa pagtanggap bilang isang bagong kasapi.

2.03 The Company agrees to forward a Membership Application duly completed, as attached to this Collective Bargaining Agreement, to the Union within ten (10) calendar days from date of hire or rehire of an employee. The Union shall bear the expense of printing and mailing the Membership Application. The Membership Application in Exhibit One will be used for the duration of the Collective Bargaining Agreement.

Sumasang-ayon ang Kompanya na ipadala ang nakumpletong Aplikasyon ng Miyembro, batay sa nakalakip na Collective Bargaining Agreement, sa Unyon sa loob ng sampung (10) araw sa kalendaryo mula sa araw ng pagkatanggap sa trabaho o muling pagkatanggap sa trabaho ng empleyado. Ang Unyon ang magbabayad ng pag-imprensa at pag-papadala sa koreo ng Aplikasyon ng Miyembro. Ang Aplikasyon ng Miyembro sa Unang Eksibit ay gagamitin para sa buong panahon ng Collective Bargaining Agreement.

No Harassment/Discrimination**Walang Panliligalig/Diskriminasyon**

- (1) The Company and the Union agree that the plant should be free of harassment and the Company and the Union agree to cooperate with each other in preventing and eliminating harassment.

Sumasang-ayon ang Kompanya at Unyon na dapat walang panliligalig sa planta at sumasang-ayon ang Kompanya at Unyon na makipagtulungan sa isa't-isa upang maiwasan at maalis ang panliligalig.

- (2) It shall continue to be the policy of the Company and of the Union not to discriminate against any employee because of race, colour, creed, ethnic or national origin, gender, sexual orientation, family status, physical or mental handicap, marital status or Union activity.

Ipagpapatuloy ang patakarang ito ng Kompanya at ng Unyon na hindi diskriminahan ang kahit na sinong empleyado dahil sa lahi, kulay, pananampalataya, katutubo o nasyonal na pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon, katayuan ng pamilya, pisikal o mental na handikap, kalagayan ng kasal o gawain sa Unyon.

SECTION 3 DEDUCTION OF UNION DUES PAGBAWAS NG KABAYARAN SA UNYON

3

3.01 The Company agrees to deduct from the wages of the employee such union dues and initiation fee as are authorized by regular and proper vote of the membership of the Union. The Company further agrees to deduct the union dues automatically from the wages of new or rehired employees' first **and subsequent** paycheque(s). Monies deducted during any month shall be forwarded by the Company to the Secretary-Treasurer of the Union within twenty (20) calendar days following the end of the Company's four (4) or five (5) week accounting period and accompanied by a four week or monthly **electronic remittance** of the names, Social Insurance Numbers and plant numbers of the employees for whom deductions were made and the amount of each deduction.

Sumasang-ayon ang Kompanya na ibabawas sa mga sahod ng mga empleyado ang kabayaran sa unyon at kabayaran sa pagtanggap bilang bagong kasapi bilang awtorisado ng regular at wastong boto ng mga miyembro ng Unyon. Sumasang-ayon pa ang Kompanya na awtomatikong ibabawas ang kabayaran sa unyon sa (mga) una **at kasunod** na sahod ng mga bago o muling tinanggap na mga empleyado. Ang binawas na pera sa kahit na anong buwan ay ipapadala ng Kompanya sa Sekretarya ng Ingat-Yaman ng Unyon sa loob ng

dalawampung (20) araw sa kalendaryo kasunod ng katapusan ng apat (4) o limang (5) linggong panahon ng accounting ng Kompanya at kasama ang apat na linggo o buwanang **electronic na pagpapadala** ng mga pangalan, Numero ng Social Insurance at numero ng planta ng mga empleyado na binawasan nito at ang halaga ng bawat ibinawas.

4

SECTION 4 PROBATIONARY PERIOD PANAHOON NA HINDI REGULAR

4.01 New employees shall be on probation for a period of twenty-two (22) weeks for full-time employees and eight hundred and eighty (880) hours for part-time employees. The Company, at their discretion, may discharge any probationary employee within the above time limit(s) and said employee shall have no recourse to the Grievance and Arbitration sections of this Collective Bargaining Agreement.

Ang mga bagong empleyado ay ilalagay sa panahon na hindi regular na may dalawampu't-dalawang (22) linggo para sa mga empleyadong full-time at walong daan at walumpung (880) oras para sa mga empleyadong part-time. Ang Kompanya, sa kanilang mabuting pagpapasiya, ay maaaring magtanggali ng empleyadong nasa panahon na hindi regular sa loob ng (mga) nakasaad na hangganan sa itaas at ang nasabing empleyado ay hindi maaaring dumulog sa mga seksyon ng Reklamo at Arbitrasyon ng Collective Bargaining Agreement na ito.

SECTION 5 HOURS OF WORK MGA ORAS NG TRABAHO

5

5.01 The normal basic work week for full-time employees shall be forty (40) hours per week, to be worked in five (5) consecutive shifts of eight (8) hours each scheduled by management and/or four (4) consecutive shifts of ten (10) hours each scheduled by management. The Company and the Union agree that in the event of a shortage of raw material, breakdown of machinery, epidemics, circumstances beyond the control of the Company, reconfiguration of equipment, or market conditions, full-time employees may work less than forty (40) hours per week.

Ang pangkaraniwang linggo ng trabaho para sa mga empleyadong full-time ay apatnapung (40) oras bawat linggo, na tatrabahuin sa loob ng limang (5) magkakasunod na oras ng paggawa na mayroong walong (8) oras na itinakda ng administrasyon at/o apat (4) na magkakasunod na oras ng paggawa na mayroong sampung (10) oras na itinakda ng administrasyon. Sumasang-ayon ang Kompanya at Unyon na sa oras na may kakulangan sa sariwang materyales, nasirang makina, mga epidemya, mga kalagayan na labas sa kontrol ng Kompanya, muling pagsasaayos ng mga kagamitan, o kalagayan ng merkado, maaaring magtrabaho ng mas kaunti sa apatnapung (40) oras bawat linggo ang mga empleyado.

No full-time employee shall be called in to work for less than four (4) hours.

Walang empleyadong full-time na tatawagin

upang magtrabaho ng mas mababa kaysa apat (4) na oras.

5.02 With the exception of the meal and rest periods referred to in Section 5.10, a full-time employee's shift for the day shall be comprised of consecutive hours of work.

Bukod sa oras ng pagkain at pahinga na nakasaad sa Sekyson 5.10, ang oras ng paggawa ng isang full-time na empleyado sa isang araw ay naglalaman ng tuluy-tuloy na oras ng pagtatrabaho.

5.03 For full-time employees who are scheduled five eight-hour shifts in a work week and a General Holiday falls during one of the scheduled work days, and the plant closes on said day, an employee shall work thirty-two (32) hours that week and receive forty (40) hours pay. If a General Holiday falls outside a full-time employee's scheduled work week, such employees shall be paid for all the hours worked in the week of the General Holiday plus eight (8) hours pay for said General Holiday. If two General Holidays fall in the same calendar week, a similar entitlement procedure as above shall apply.

Para sa mga full-time na empleyado na mayroong limang tig-walong oras na oras ng paggawa sa isang linggo ng pagtatrabaho at ang isang Karaniwang Araw ng Pahinga ay babagsak sa isa sa mga itinakdang araw ng trabaho na iyon, at magsasara ang planta sa nasabing araw, magtatrabaho ng tatlumpu't-dalawang (32) oras ang empleyado sa linggong iyon at makakatanggap ng apatnapung (40)

oras na kabayaran. Kung ang Karaniwang Araw ng Pahinga ay babagsak sa labas ng nakatakdang linggo ng pagtrabaho ng full-time na empleyado, ang mga ganitong empleyado ay makakatanggap ng kabayaran para sa lahat ng oras na tinrabaho sa linggong iyon ng Karaniwang Araw ng Pahinga na may karagdagang walong (8) oras na sahod para sa nasabing Karaniwang Araw ng Pahinga. Kung dalawang Karaniwang Araw ng Pahinga ang babagsak sa iisang linggo ng kalendaryo, ang isang katulad na karapatan ng patakaran na kapareho ng nasa itaas ang gagamitin para dito.

5.04 For employees who are scheduled to work four ten-hour days a week and a General Holiday falls during a scheduled work day, and the plant closes on said day, an employee shall work thirty (30) hours and be paid forty (40) hours for that week. If a full-time employee works a 10-hour 4-day week and the General Holiday does not fall in his scheduled work week, he shall receive an additional **ten (10)** hours pay for the General Holiday in addition to all the hours worked and paid in the week of the General Holiday. The same procedure shall apply when two (2) General Holidays fall in a calendar week.

Para sa mga empleyado na mayroong apat na tig-sampung oras na araw ng trabaho sa isang linggo at ang isang Karaniwang Araw ng Pahinga ay babagsak sa isa sa mga itinakdang araw ng trabaho na iyon, at magsasara ang planta sa nasabing araw, magtatrabaho ng tatlung (30) oras at makakatanggap ng apatnapung (40) oras ang empleyado para sa linggong iyon. Kung ang isang full-time na empleyado ay

magtatrabaho ng 10-oras 4-araw na linggo at ang Karaniwang Araw ng Pahinga ay hindi babagsak sa itinakdang linggo ng pagtrabaho niya, makakatanggap siya ng sampung (10) oras na sahod para sa Karaniwang Araw ng Pahinga na karagdagang kabayaran sa lahat ng oras na tinrabaho at binayaran para sa linggo ng Karaniwang Araw ng Trabaho. Gagamitin din ang patakarang ito kapag dalawang (2) Karaniwang Araw ng Pahinga ang babagsak sa isang linggo ng kalendaryo.

For employees who are scheduled to work four nine and a half (9½) hour days a week and a General Holiday falls during a scheduled work day, and the plant closes on said day, an employee shall work twenty eight and a half (28 ½) hours and be paid thirty eight (38) hours for that week. If a full-time employee works a four day nine and a half (9½) hour week and the General Holiday does not fall in his scheduled work week, he shall receive an additional nine and a half (9½) hours' pay for the General Holiday in addition to all the hours worked and paid in the week of the General Holiday. The same procedure shall apply when two (2) General Holidays fall in a calendar week.

Para sa mga empleyado na mayroong apat na tig-siyam at kalahating (9½) oras na trabaho sa isang linggo at ang Karaniwang Araw ng Pahinga ay babagsak sa isang nakatakdang araw ng trabaho, at ang planta ay magsasara sa nasabing araw na iyon, magtatrabaho ang empleyado ng dalawangpu't kalahating (28½) oras at babayaran ng tatlung (38) oras para sa linggong iyon. Kung ang full-time na empleyado ay magtatrabaho

ng apat araw na tig-siyam at kalahating (9½) oras na linggo at ang Karaniwang Araw ng Pahinga ay hindi babagsak sa itinakdang linggo ng pagtrabaho, makakatanggap siya ng siyam at kalahating (9½) oras na sahod para sa Karaniwang Araw ng Pahinga na karagdagang kabayaran sa lahat ng oras na tinrabaho at binayaran para a linggo ng Karaniwang Araw ng Trabaho. Gagamitin din ang patakarang ito kapag dalawang (2) Karaniwang Araw ng Pahinga ang babagsak sa isang linggo ng kalendaryo.

5.05 All employees shall have a minimum of twelve (12) hours off between scheduled shifts, except in case of emergency **where there will be a minimum of eight (8) hours off between scheduled shifts. In any event, the Company and the Employee may agree to a shorter period between shifts.** Emergency shall be defined as any unexpected absence of employees due to illness, injury, mechanical breakdown, or in situations beyond the control of the Company.

Ang lahat ng mga empleyado ay mayroong itinakdang oras ng trabaho na hindi bababa sa dalawampung (12) oras na panahon ng pahinga sa pagitan ng mga itinakdang oras ng paggawa, maliban lamang sa kaso ng kagipitan **kung saan magkakaroon ng walong (8) oras na panahon ng pahinga sa pagitan ng mga itinakdang oras ng paggawa. Anuman ang mangyari, ang Kompanya at ang Empleyado ay maaaring sumang-ayon sa isang masmaingsing panahon sa pagitan ng mga itinakdang oras ng paggawa. Ang kagipitan ay ang hindi inaasahang pagliban ng mga empleyado**

dahil sa sakit, pinsala, pagkasira ng makina, o mga kalagayan na labas sa kontrol ng Kompanya.

5.06 The Company shall grant employees either two (2) consecutive days off per week or three (3) consecutive days per week off, consistent with either an eight (8) hour five (5) day work week, **a nine and a half (9 ½) hour four-day work week** or a ten (10) hour four-day work week. **The Company shall grant employees a minimum of two (2) consecutive days per week off, consistent with a nine and a half (9½) hour shift in Bacon Production for the “C” shift.**

Bibigyan ng Kompanya ang empleyado ng dalawang (2) magkasunod na araw ng pahinga bawat linggo o tatlong (3) magkakasunod na araw ng pahinga bawat linggo, naaalinsunod sa isang tig-walong (8) oras na limang (5) araw na linggo ng trabaho, **isang tig-siyam at kalahating (9½) oras na apat na araw na linggo ng trabaho** o isang tig-sampung (10) oras na apat na araw na linggo ng trabaho. **Bibigyan ng Kompanya ang mga empleyado ng hindi bababa sa dalawang (2) magkasunod na araw ng pahinga bawat linggo, naaalinsunod sa isang siyam at kalahating (9½) oras ng paggawa sa Produksyon ng Bacon para sa oras ng paggawa ng “C”.**

5.07 The Company agrees to notify full-time employees, at least one week in advance, or at the commencement of employment, whether they will work an eight-hour five-day work week or a ten-hour four-day work week. The Company's operation shall be a seven-day work week operation, from Sunday to

Saturday inclusive. There will be three (3) shifts in a twenty-four (24) hour work day, designated as the Day Shift, Afternoon Shift, or Night Shift.

Sumasang-ayon ang Kompanya na aabisuhan ang mga full-time na empleyado, hindi bababa sa isang linggong pauna, o sa simula ng pagkatanggap sa trabaho, kung sila ay magtatrabaho ng tig-walong oras na limang araw na linggo ng pagtrabaho o tig-sampung oras na apat na araw na linggo ng pagtrabaho. Ang operasyon ng Kompanya ay tig-pitong araw na linggo ng trabaho, mula Linggo hanggang Sabado. Mayroong tatlong (3) oras ng paggawa sa loob ng isang dalawampu't-apat (24) na oras ng araw ng trabaho, itinakda bilang Pang-araw na oras ng paggawa, Pang-hapon na oras ng paggawa, o Pang-gabi na oras ng paggawa.

5.08 **Part-time Employees' Hours of Work**

Mga Oras ng Trabaho ng Part-time na mga Empleyado

The Company may hire up to forty-seven and one-half (47.5%) percent of the work force as part-time employees. Calculation of the percentage shall take place every four (4) calendar weeks and shall be based on the total number of employees in the bargaining unit, each and every week. If the percentage of part-time employees exceeds forty-seven and one-half (47.5%) percent in any one week, the number of part-time employees who are in excess of the forty-seven and one-half (47.5%) percent shall be the number used to pay the most senior part-time employees the hourly rate of pay for the next higher classification

(using the part-time employees' experience) for all hours worked by said employees. (i.e. If the Company has 400 employees in the bargaining unit and 200 employees in one week were part-time, the 10 most senior part-time employees will receive the hourly rate of pay for the next higher classification as indicated above for the number of hours that those 10 senior employees worked during that week.) For further clarification if the 10 most senior part-time employees were at the 12 month rate in the skilled classification, they would receive the 12 month rate in the Trades Without License classification for all hours worked that week.

Maaaring kumuha ng hanggang apatnapu't pito at kalahating (47.5%) porsiyento ng lakas panggawa bilang mga part-time na empleyado ang Kompanya. Ang kalkulasyon ng porsiyento ay mangyayari tuwing ika-apat (4) na linggo ng kalendaryo at ibabatay sa kabuuang bilang ng mga empleyado sa bargaining unit, bawat linggo. Kung ang porsiyento ng kabuuang bilang ng mga part-time na empleyado ay sosobra sa apatnapu't pito at kalahating (47.5%) porsiyento sa kahit na anumang linggo, ang bilang ng mga part-time na empleyado na labis sa apatnapu't pito at kalahating (47.5%) porsiyento ay gagamitin bilang ang numero na ibabayad sa pinakanakatataas na part-time na mga empleyado sa kanilang sahod bawat oras para sa susunod na masmataas na pag-uuri (gamit ang karanasan ng mga part-time na empleyado) para sa lahat ng oras na tinrabaho ng mga nasabing empleyado. (i.e. Kung ang Kompanya ay mayroong 400 mga empleyado sa bargaining unit at 200 mga empleyado sa loob ng isang linggo ay part-time, ang 10 pinaka-nakatataas na mga part-time na

empleyado ay makatatanggap ng sahod bawat oras para sa susunod na masmataas na pag-uuri bawat sa nakasaad sa itaas para sa bilang ng mga oras na tinrabaho ng 10 pinaka-nakatataas na mga empleyado para sa linggong iyon). Para sa karagdang pag-lilinaw kung ang 10 pinaka-nakatataas na mga part-time na empleyado ay nasa 12-buwang kabayaran sa loob ng pagkadalubhasang pag-uuri, matatanggap nila ang 12-buwang kabayaran sa pag-uuri ng Trades Without License para sa lahat ng mga oras na tinrabaho sa linggong iyon.

Said part-time employees may be scheduled to work less than forty (40) hours a week, but will not be scheduled to work less than four (4) hours in any one shift when scheduled or called in to work.

Ang nasabing mga part-time na empleyado ay maaaring itakdang magtrabaho na masmababa sa apatnapung (40) oras sa isang linggo, ngunit hindi itatakda na magtrabaho ng masmababa sa apat (4) na oras sa kahit na anong oras ng paggawa kapag tinawag upang magtrabaho.

5.09 **Scheduling and Posting Work Schedule**

Pagtakda at Pagpahayag ng Oras ng Trabaho

- (1) Scheduling shall be done by the Company for full-time employees by classification within each department and by seniority, and for part-time employees shall be done by department and by seniority. Both full-time and part-time shall be scheduled

as indicated above, provided that the employee has the ability to perform the normal functions of the job. The plant shall be divided into the following departments: Ang pagtakda ay gagawin ng Kompanya para sa mga full-time na empleyado batay sa pag-uuri sa loob ng bawat kagawaran at sa kataasan ng tungkulin, at para sa mga part-time na empleyado naman ay bawat sa kagawaran at sa kataasan ng tungkulin. Ang full-time at part-time ay itatakda batay sa nakasaad sa itaas, kung ang empleyado ay mayrong kakayahan na gumawa ng mga karaniwang tungkulin ng trabaho. Ang planta ay hahatiin sa mga sumusunod na mga kagawaran:

- 1) Ham Boning a.m.
- 2) Ham Boning p.m.
- 3) Ham Boning Pack Off
- 4) **Pumping Days**
- 5) **Stuffing Days**
- 6) **Tumble Days**
- 7) **Smokehouse Days**
- 8) **Smokehouse p.m.**
- 9) **Pumping Nights**
- 10) **Stuffing Nights**
- 11) **Tumble Nights**
- 12) **Smokehouse Nights**
- 13) Packaging a.m.
- 14) Packaging Nights
- 15) Sausage
- 16) Shipping a.m.

-
- 17) Shipping p.m.
 - 18) Shipping Nights
 - 19) Sanitation a.m.**
 - 20) Sanitation p.m.
 - 21) Sanitation Nights
 - 22) Plant Services
 - 23) Maintenance
 - 24) Powerhouse
 - 25) Waste Water**
 - 26) Bacon Packaging Days (A)**
 - 27) Bacon Packaging Days (B)**
 - 28) Bacon Packaging Days (C)**
 - 29) Bacon Packaging Nights (A)**
 - 30) Bacon Packaging Nights (B)**
 - 31) Bacon Packaging Nights (C)**
 - 32) Bacon Shipping Days**
 - 33) Bacon Shipping Nights**
 - 34) Bacon Injection Days**
 - 35) Bacon Injection Nights**

The Company has the ability to create additional departments during the life of this Collective Bargaining Agreement for legitimate business reasons, providing it informs the Union of its intention within a reasonable period of time of not less than thirty (30) calendar days before establishing the new department(s).

Mayroong kakayahan ang Kompanya na gumawa ng mga karagdagang kagawaran sa panahon ng buhay ng Collective Bargaining Agreement na ito para sa mga dahilang

pangkalakal na naaayon sa batas, ang pagbigay nito ay nag-aabiso sa Unyon ng layunin sa loob ng makatwirang panahon na hindi bababa sa tatlung (30) araw sa kalendaryo bago magtayo ng mga bagong (mga) kagawaran.

- (2) The Company shall post a work schedule for all employees, either working full-time or part-time, no later than Thursday of each week for the following week. If the schedule is not posted by Thursday at 6:00 p.m., then the schedule already posted shall apply for the following week.

The Company has the right to call in part-time employees not previously scheduled to work if required by the business, provided that a senior part-time employee in the department is not available to work the hours and provided it does not result in overtime hours being scheduled.

Magpapaskil ang Kompanya ng oras ng trabaho para sa lahat ng mga empleyado nito, nagtatrabaho ng full-time o part-time, na hindi lalampas sa araw ng Huwebes ng bawat linggo para sa susunod na linggo. Kung hindi naipaskil ang oras ng trabaho ng 6:00 p.m. ng araw ng Huwebes, ang oras na trabaho na nakapaskil ang susundin para sa susunod na linggo.

May karapatan ang Kompanya na papasukin sa trabaho ang mga part-time na empleyado na hindi itinakdang magtatrabaho kung kailangan ito ng negosyo,

sa kondisyon na ang isang nakatatandang part-time na empleyado sa kagawaran ay hindi makakapagtrabaho ng mga oras na iyon at sa kondisyon na hindi ito hihigit sa bilang ng oras ng pagtrabaho na unang itinakda.

- (3) A schedule of employees working full-time may be changed without notice in the event of unscheduled absence of employees or in the event of emergencies, such as snowstorm, flood, breakdown of machinery, or other instances of force majeure. In all other cases, except by mutual agreement between the Company and the employee, at least forty-eight (48) hours' notice of change must be given, or four (4) hours' additional pay, at the straight time rate, in lieu of notice.

Ang oras ng trabaho ng mga full-time na empleyado ay maaaring baguhin na walang abiso kung mayroong nagliban na hindi itinakda o sa mga pangyayari ng mga kagipitan, tulad ng snowstorm, baha, pagkasira ng makina, o iba pang pagkakataon ng force majeure. Sa lahat ng ibang mga kaso, maliban lamang sa kasunduan sa pagitan ng Kompanya at ng empleyado, hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras na pag-abiso ng pagbabago ang kailangang ibigay, o apat (4) na oras na karagdagan sahod, sa tuluy-tuloy na kabayaran, kapalit ng abiso.

The foregoing shall not apply to employees other than full-time. Notice to such other employees shall be given as far in advance as possible, by the Company. In the case of a shift cancellation for part-time employees, a minimum of twelve (12) hours' notice shall be given, or four (4) hours additional pay at straight time shall be paid by the Company in lieu of notice, except in the event of an emergency as defined in Section 5.05.

Ang susunod ay hindi gagamitin sa mga empleyado maliban lamang sa mga full-time. Ang abiso sa ibang mga empleyado ay ibibigay nang masmaaga ng Kompanya. Sa pangyayari ng pagkawalang-bisa ng oras ng pagtrabaho ng mga part-time na empleyado, hindi baba sa labindalawang (12) oras na abiso ang ibibigay, o apat (4) na oras na karagdangang sahod na tuluy-tuloy na oras ang babayaran ng Kompanya kapalit ng abiso, maliban lamang sa pangyayaring may kagipitan na isinalaysay sa Seksyon 5.05.

(4) **Time Clocks**
Mga Orasan

The Company shall provide time clocks to enable employees to record their own time for payroll purposes. Employees shall record their own time at the time they start and finish work and the time they commence and return from meal periods and such other recordings as may be required by the Company.

Magbibigay ng mga orasan ang Kompanya na magbibigay ng kakayahan sa mga empleyado na i-tala ang sarili nilang oras para sa layunin ng payroll. I-tatala ng mga empleyado ang kanilang sariling oras mula sa oras na sila ay nagsimulang magtrabaho at natapos magtrabaho at mga oras na sila ay umalis at bumalik mula sa panahon ng pagkain at iba pang mga talaan na hingin ng Kompanya.

5.10 **Meal and Rest Periods: All Employees**

Panahon ng Pagkain at Pahinga: Lahat ng mga Empleyado

(1) A daily shift of four (4) hours and up to and including five (5) hours shall have one (1) rest period with pay.

Ang araw-araw na oras ng pagtrabaho na mayroong apat (4) na oras at pataas at kasama ang limang (5) oras ay mayroong isang (1) oras ng pahinga na mayroong kabayaran.

(2) A person working a daily shift of more than five (5) hours, but less than seven (7) hours, shall have one (1) rest period, with pay, and one (1) thirty (30) minute meal period, without pay.

Ang isang tao na nagtatrabaho ng arawan na oras ng pagtrabaho na higit sa limang (5) oras, ngunit hindi tataas ng pitong (7) oras, ay mayroong isang (1) oras ng pahinga, na mayroong kabayaran, at isang (1) tatlung (30) minutong oras ng pagkain, na walang kabayaran.

(3) A person working a daily shift of more than seven (7) hours and up to eight (8) hours shall have one meal period of thirty (30) minutes without pay and two rest periods with pay scheduled approximately in the middle of each period before and after the meal period.

Ang isang tao na nagtatrabaho ng arawan na oras ng pagtrabaho na higit sa pitong (7) oras at hanggang walong (8) oras ay mayroong isang tatlumping (30) minutong oras ng pagkain na walang kabayaran at dalawang oras ng pahinga na mayroong kabayaran sa gitna ng bawad panahon bago at pagkatapos ng oras ng pagkain.

(4) Rest periods for all employees shall not begin until one (1) hour after commencement of work or shall end not less than one (1) hour before either the meal period or the end of the shift and shall not be combined with the meal period.

Ang mga oras ng pahinga para sa lahat ng mga empleyado ay hindi magsisimula hanggang pagkatapos ng isang (1) oras na pagtatrabaho o hindi bababa sa isang (1) oras bago ang mga oras ng pagkain o ang katapusan ng oras ng pagtrabaho at hindi isasama sa oras ng pagkain.

(5) If an employee is required to work overtime on the completion of an eight (8) hour shift or ten (10) hour shift, and if the Company does not schedule a meal period without pay, then the employee will be scheduled a fifteen (15) minute rest period with pay within half an hour of the end of the first shift, providing the overtime is for two (2) hours or more.

Kung ang empleyado ay inatasang magtrabaho ng higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho sa pagkakumpleto ng isang walong (8) oras na pagtrabaho o sampung (10) oras na pagtrabaho, at kung ang Kompanya ay hindi nagtakda ng isang oras ng pagkain na walang kabayaran, magtatakda ng isang limampung (15) minutong oras ng pahinga na mayroong kabayaran sa empleyado sa loob ng unang tatlumpung minuto ng pagtatapos ng unang oras ng pagtrabaho, kung ang higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho ay para sa dalawang (2) oras o higit pa.

(6) The Company and the Union agree that a rest period scheduled by the Company shall be of fifteen (15) minutes' uninterrupted duration.

Ang Kompanya at ang Unyon ay sumasang-ayon na ang isang oras ng pahinga na itinakda ng Kompanya ay labinlimang (15) minuto ang haba na walang abala.

(7) The Company and the Union agree that a meal period without pay for employees working a daily shift of eight (8) or ten (10) hours shall be thirty (30) minutes' of uninterrupted duration and shall start not earlier than three (3) hours nor later than five (5) hours after commencement of the employee's shift.

Ang Kompanya at ang Unyon ay sumasang-ayon na ang isang oras ng pagkain na walang kabayaran para sa mga empleyado na nagtatrabaho ng isang arawan na oras ng pagtrabaho na mayroong walo (8) o sampung (10) oras ay tatlumpung (30) minuto ang haba na walang abala at magsisimula ng hindi masmaaga sa tatlong (3) oras o hindi lalampas ng limang (5) oras pagkatapos magsimula ang oras ng pagtrabaho ng empleyado.

5.11 Personal Breaks

Mga Pansariling Pahinga

(a) The Union agrees that except in cases of personal necessity, employees shall not ask for additional time off during the working day. The Union agrees that rest periods must not be abused.

Sumasang-ayon ang Unyon maliban lamang sa mga pangyayari ng pansariling pangangailangan, na ang mga empleyado ay hindi hihingi ng karagdagang oras na walang trabaho sa pahanon ng araw na mayroong trabaho. Sumasang-ayon ang Unyon na ang mga oras ng pahinga ay hindi aabusuhin.

(b) Employees shall not be disciplined or discharged as a result of authorized usage of time for personal breaks granted by the Company. However as a deterrent to excess usage the following measures will apply:

Hindi didisiplinahin o tatanggalin ang mga empleyado dahil sa awtorisadong paggamit ng oras para sa mga pansariling pahinga na ibinigay ng Kompanya. Ngunit bilang maiwasan ang sobrang paggamit susundin ang mga sumusunod na panukala:

(i) Employees will have the time used on each break deducted from their weekly hours worked.

Ibawas ang mga oras na ginamit ng mga empleyado sa bawat oras ng pahinga sa kanilang lingguhang oras na tinrabaho.

(ii) Employees who for reasons supported by medical documentation show a specific condition to exist which necessitates

greater use of the washroom will not have time deducted for use of the washroom.

Ang mga empleyado na may mga dahilan na suportado ng mga kasulatang medikal na nagpapakita ng kanilang tiyak na kalagayan upang gumamit ng banyo ng masmadalas ay hindi babawasan ng oras sa paggamit ng banyo.

(c) The Union agrees to work with the Company to deal with employees who are abusing personal breaks.

Sumasang-ayon ang Unyon na makipag-ugnayan sa Kompanya sa pakikitungo sa mga empleyado na umaabuso ng kanilang mga pansariling pahinga.

5.12 Clean Up Time

Oras ng Paglinis

Employees will be allowed sufficient clean up time with pay in order to meet the sanitation expectation of the Company including that of HACCP. Employees must punch out prior to changing into their street clothes. The allotted clean up time that extends beyond the normal shift end due to employees being required to work, will be paid at the rate of time and one-half (1½) the employee's regular rate.

Bibigyan ng sapat na oras na mayroong kabayaran ang mga empleyado na maglinis upang matugunan ang mga inaasahang antas ng linis ng Kompanya kasama din ang sa HACCP. Dapat mag-punch out ang mga empleyado bago sila magpalit

ng kanilang personal na mga damit. Ang itinakdang oras ng paglinis na higit sa karaniwang oras ng pagtrabaho dahil sa kinailangang pagtrabahuhin ang mga empleyado, ay babayaran ng halaga na ayon sa isa't kalahating (1½) halaga ng karaniwang kabayaran ng empleyado.

6

SECTION 6 OVERTIME ORAS NA HIGIT SA BILANG NG ORAS NG PAGTRABAHO

6.01 The Company agrees to pay an employee time and one-half (1½) for any time worked after completing either an eight (8) hour shift, or ten (10) hour shift for employees who work four (4) ten (10) hour shifts.

Sumasang-ayon ang Kompanya na bayaran ang empleyado ng isa't kalahati (1½) para sa kahit na anong oras na tinrabaho pagkatapos makumpleto ang isang walong (8) oras na oras ng pagtrabaho, o sampung (10) oras na oras ng pagtrabaho para sa mga empleyado na nagtatrabaho ng apat (4) na sampung (10) oras na oras ng pagtrabaho.

The Company agrees to pay an employee time and one-half (1½) for any time worked after (s)he has worked forty (40) hours in a week which have been paid at straight time rates. The forty (40) hours referred to above will be reduced as indicated in Sections 5.03 and 5.04.

Sumasang-ayon ang Kompanya na bayaran ang empleyado ng isa't kalahati (1½) para sa kahit na anong oras na tinrabaho pagkatapos niya magtrabaho ng apatnapung (40) oras sa loob ng isang linggo na binayaran bilang tuluy-tuloy na oras. Ang apatnapung (40) oras na tinukoy sa itaas ay babawasan ayon sa mga Seksyon 5.03 at 5.04.

6.02 Overtime shall be by mutual consent and shall be offered to the most senior employee(s) on the shift, in the department, by classification, and thereafter in descending order of seniority, providing the employee has the ability and qualifications to perform the required work. It is further understood that the efficient operation of the business may require overtime and in this event the most junior employee(s) on the shift in the department, by classification, in increasing order of seniority, who have the ability and qualifications to perform the work, shall then do the required work. **The process of requesting overtime will be done by canvassing employees, but the Company may use a sign-up sheet as an alternate method.**

Ang pagtrabaho ng higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho ng empleyado ay pinagsang-ayunan ng bawat isa at i-aalok sa mga pinakanakatandang (mga) empleyado sa oras ng pagtrabahong iyon, sa loob ng kagawaran, sa pag-uuri, at pagkatapos noon ay sa pababang pagkakasunud-sunod ng pagkatanda, sa kondisyon na ang empleyado ay mayroong kakayahan at mga katangian na gawin ang kailangang trabaho. Naiintindihan pa na ang mabisang pagpapatakbo ng negosyo ay mangangailangan ng higit sa bilang ng oras

ng pagtrabaho ng empleyado at sa pangyayaring ito ang pinaka-bagong (mga) empleyado na nasa oras ng pagtrabaho sa loob ng kagawaran, sa pag-uuri, pataas na pagkakasunud-sunod ng pagkatanda, na mayroong kakayahan at mga katangian na gawin ang trabaho, ay kakailanganing pagtrabahuin sa iyon. **Ang proseso ng paghiling ng higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho ay gagawin sa pamamagitan ng pagsiyasat ng mga empleyado, ngunit ang Kompanya ay maaaring gumamit ng sign-up sheet bilang alternatibong paraan.**

If any qualified employee is inadvertently missed in this rotation more than once in a six (6) month period, then the Company agrees to pay said employee either two (2) hours at straight time if it is after their regular scheduled shift, or five (5) hours at straight time if they are missed for overtime on a non-regular scheduled workday.

Kung nalaktawan ang kahit na sinong kwalipikadong empleyado ang pag-ikot na ito ng higit sa isa sa loob ng anim (6) na buwang panahon, sumasang-ayon ang Kompanya na bayaran ang nasabing empleyado ng dalawang (2) oras na tuluy-tuloy kung ito ay pagkatapos ng kanilang pangkaraniwang itinakdang oras ng pagtrabaho, o limang (5) oras na tuluy-tuloy kung nalaktawan sila para sa higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho sa isang hindi-pangkaraniwang itinakdang araw ng pagtrabaho.

Where possible, requests for daily overtime will be made no later than the end of an employee's lunch period.

Kung saan posible, ang mga paghingi ng arawang higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho ay gagawin ng hindi lalampas sa katapusan ng oras ng tanghalian ng empleyado.

6.03 There shall be no pyramiding of overtime.

Walang pyramiding na gagawin para sa higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho.

6.04 When a full-time or part-time employee is working on a General Holiday as indicated in Section 11 said employee shall receive time and one-half (1½) at their regular rate of pay for all time worked and in addition shall receive the General Holiday pay that the employee would have received had said employee not worked on the General Holiday.

Kapag ang full-time o part-time na empleyado ay nagtatrabaho sa isang Pangkaraniwang Araw ng Pahinga na nakasaad sa Seksyon 11, ang nasabing empleyado ay makakatanggap ng isa't kalahati (1½) na batay sa kanilang karaniwang halaga ng sahod para sa lahat ng oras na tinrabaho at karagdagang kabayaran para sa Pangkaraniwang Araw ng Pahinga na matatanggap ng empleyado kung ang empleyado ay hindi nagtrabaho sa Pangkaraniwang Araw ng Pahinga.

6.05 An employee who is sent home during their regular work week due to a lack of work and is then requested to work on Saturday and/or Sunday will receive the applicable overtime rate.

Ang isang empleyado na pinauwi habang nasa kanilang karaniwang lingo ng trabaho dahil sa kakulangan sa trabaho at itinakdan magtrabaho sa araw ng Sabado at/o Linggo ay makakatanggap ng naaayon na kabayaran para sa halaga ng higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho.

6.06 **Overtime Meal**

Pagkain sa Higit sa Bilang ng Oras ng Pagtrabaho

When an employee works four (4) hours or more of overtime, said employee shall be provided with a hot meal by the Company, or pay in lieu in the amount of eight dollars and fifty (\$8.50) cents.

Kapag ang empleyado ay nagtrabaho ng apat (4) na oras o higit pa ng higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho, ang nasabing empleyado ay bibigyan ng mainit na pagkain ng Kompanya, o kabayaran na kapalit nito sa halagang walong dolyares at limampung (\$8.50) sentimo.

6.07 All overtime scheduled prior to the start of an employee's regular shift shall be paid at time and one-half (1½) their regular hourly rate of pay regardless of whether they are required to work their full shift. This provision shall not apply in the event an employee requests to leave before the end of their regular scheduled shift.

Ang lahat ng itinakdang higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho bago ang umpisa ng karaniwang oras ng pagtrabaho ng empleyado ay

may kabayaranang isa't kalahati (1½) ng kanilang karaniwang halaga ng sahod kahit kinailangan silang magtrabaho ng kanilang buong oras ng pagtrabaho. Ang kondisyong ito ay hindi gagamitin sa pangyayari na ang empleyado ay hihiling na umalis bago matapos ang kanilang karaniwang oras ng pagtrabaho.

SECTION 7 SENIORITY KATANDAAN

7

7.01 Seniority is defined as the length of an employee's seniority with the Company from the employee's original date of hire, which shall include a period or periods that an employee may have been on a leave of absence authorized by the Company, or in a position excluded from the bargaining unit, effective April 1, 1999.

Ang katandaan ay itinutukoy bilang ang haba ng katandaan ng isang empleyado sa Kompanya mula sa araw ng kanilang pagkatanggap bilang empleyado, na kasama ang panahon o mga panahon na ang empleyado ay maaaring naka-liban at may pahintulot ng Kompanya, o sa isang posisyon na hindi kasama sa bargaining unit, magkakabisa sa Abril 1, 1999.

The date for full-time employees shall be the date of appointment to a full-time position. The Company and the Union agree that if a part-time employee is appointed to a full-time position during

their probationary period as indicated in Section 4.01, that employee must still complete their probationary period until (s)he has worked eight hundred and eighty (880) hours including his part-time and full-time hours.

Ang araw para sa mga full-time na empleyado ay mula sa araw na sila ay inilagay sa full-time na posisyon. Sumasang-ayon ang Kompanya at Unyon na kapag ang isang part-time na empleyado ay inilagay sa isang full-time na posisyon sa panahon ng kanilang hindi pagka-regular na nakasaad sa Seksyon 4.01, ang empleyadong iyon ay kinakailangang kumpletuhin ang kanilang panahon ng hindi pagka-regular hanggang siya ay nakapagtrabaho ng walong raan at walumpung (880) oras kasama ang kaniyang part-time at full-time na mga oras.

If employees begin work or are hired on the same date, seniority ranking shall be determined from their date of application to the Company. If the date of application is the same, the ranking shall be established using their birth date, defined for these purposes as the month and day.

Kapag nagsimulang magtrabaho o natanggap sa trabaho sa parehong petsa, ang antas ng katandaan ay malalaman mula sa petsa ng kanilang paglalagay sa Kompanya. Kung ang petsa ng paglalagay ay pareho din, ang antas na gagamitin ay ang kanilang petsa ng kapanakan, na tinukoy para sa layuning ito bilang ang buwan at araw.

7.02 The Company agrees to provide a seniority list to the Union and have same posted on the premises four (4) times a year; namely, January 1, April 1, July

1 and October 1 of each year. A copy of said seniority list shall be delivered to the Chief Steward and Assistant Chief Steward. When an employee completes the probationary period and attains seniority, as defined herein, the Union will be advised by the end of the payroll week next following.

Sumasang-ayon ang Kompanya na magbigay ng listahan ng katandaan sa Unyon at ipapaskil sa lugar ng trabaho apat (4) na beses bawat taon; sa mga petsang Enero 1, Abril 1, Hulyo 1 at Oktubre 1 ng bawat taon. Ang isang kopya ng nasabing listahan ng katandaan ay dadalhin sa Chief Steward at Assistant Chief Steward. Kapag ang nakumpleto ng empleyado ang kanilang panahon ng hindi pagkaregular at naabot ang katandaan, na naitukoy dito, aabisuhan ang Unyon sa katapusan ng susunod na linggo ng payroll.

7.03 The seniority shall be considered broken and employment terminated if an employee:

Ang katandaan ay ituturing na nasira at ang tungkulin ay tinapos kung ang empleyado ay:

- (1) is duly discharged by the Company and not reinstated through the Grievance and/or Arbitration procedure of this Collective Bargaining Agreement;
tinanggal ng Kompanya at hindi naibalik sa pamamagitan ng pamamaraan ng Pagreklamo at/o Arbitrasyon ng Collective Bargaining Agreement na ito;
- (2) voluntarily quits or resigns;
boluntaryong umalis o nagbitiw;

-
- (3) has been laid-off continuously for a period of more than twelve (12) months or is called back to work after a lay-off and does not return to employment within the time as set out in Section 8;

naalis sa trabaho ng maraming beses sa loob ng panahon na higit sa labindalawang (12) buwan o tinagawan na bumalik sa trabaho pagkatapos ng pagka-alis sa trabaho at hindi bumalik sa tungkulin sa loob ng nakasaad na panahon sa Seksyon 8;

- (4) is absent from work without a written leave of absence for more than three (3) working days, unless a satisfactory reason is given by the employee. Sickness or inability to communicate with the Company shall be considered a satisfactory reason;

nagliban sa trabaho na walang nakasulat na pagliban na higit sa tatlong (3) araw ng pagtrabaho, maliban lamang kung mayroong isang kasiya-siyang dahilan na ibinigay ang empleyado. Ang pagkasakit o pagkawalang kakayahan na makipag-ugnayan sa Kompanya ay ituturing na kasiya-siyang dahilan;

- (5) fails to return to work on the completion of an authorized leave of absence, unless a satisfactory reason is given by the employee. Sickness or inability to communicate with the Company shall be considered a satisfactory reason.

nabigong bumalik sa trabaho sa katapusan ng panahon ng pinahintulutang pagliban,

maliban lamang kung mayroong isang kasiya-siyang dahilan na ibinigay ang empleyado. Ang pagkasakit o pagkawalang kakayahan na makipag-ugnayan sa Kompanya ay ituturing na kasiya-siyang dahilan;

- (6) has not worked for a period of two (2) years or longer due to illness or injury, unless by mutual agreement between the Company and the Union that the period should be shortened or extended. Prior to an employee who is absent from work due to illness or injury being terminated, the Company and the Union will meet to discuss the particular circumstances of the employee in question. The termination of an employee in these circumstances will not affect their eligibility for benefits under LTD. If the parties are unable to agree on the status of the employee, the Company maintains the right to terminate the employee subject to the Union maintaining the right to grieve the validity of such termination.

hindi nakapagtrabaho ng dalawang (2) taon o higit pa dahil sa pagkasakit o pagkapinsala, maliban lamang kung pinagsang-ayunan ng Kompanya at ng Unyon na ang panahon na ito ay papaigsiin o hahabaan. Bago tanggalin ang empleyado dahil sa pagkasakit o pagkapinsala, paguusapan ng Kompanya at Unyon ang mga pangyayari na nakapaligid sa empleyadong ito. Ang pagtanggap sa isang empleyado sa mga pangyayaring ito ay

hindi makaka-apekto sa kanilang karapatan para sa benepisyong sa ilalim ng LTD. Kung ang mga panig ay hindi makapag-sangayon sa katayuan ng empleyado, may karapatan ang Kompanya na tanggalin ang empleyado kung saan mayroong karapatan ang Unyon na magreklamo tungkol sa katotohanan ng pagkatanggal na ito.

The employee understands that any termination that is mutually agreed upon between the Company and Union shall be deemed for just cause.

Naiintindihan ng empleyado na ang kahit na anong pagkatanggal ay pinag-sangayunan ng Kompanya at Unyon ay ituturing na para sa makatarungang dahilan.

7.04 Seniority shall be the governing factor in matters of promotion, lay-off, choice of shift, recall, reduction from full-time to part-time, and choice of vacation schedule, providing the employee has the ability to perform the normal functions of the job requirements.

Ang katandaan ay ang mamumunong dahilan sa mga usapin ng pagtaas ng ranggo, pagka-alis sa trabaho, pagpili ng oras ng pagtrabaho, pagbalik, pagbawas mula sa full-time papuntang part-time, at pagpili ng panahon ng bakasyon, na nagbibigay sa empleyado ng kakayahan na gawin ang mga karaniwang paggawa ng mga pangangailangan ng trabaho.

7.05 In the event an employee's status changes from full-time to part-time either at the direction of or with permission of the Company, their seniority date will be their most recent date of hire. When an employee's full-time status is changed to part-time status due to circumstances of maintaining an efficient operation it is understood that such employees shall be considered for full-time positions before employees who have requested full-time employment before any posting is made by the Company.

Sa pangyayaring mag-iba ang katayuan ng empleyado mula full-time sa part-time sa utos ng o may pahintulot ng Kompanya, ang kanilang petsa ng katandaan ay ang kanilang pinaka-bagong petsa ng pagkatanggap sa trabaho. Kapag ang katayuan ng empleyado na full-time ay nabago sa part-time dahil sa kalagayan ng pagpapanatili ng mabisang operasyon naiintindihan na ang mga empleyadong ito ay ituturing para sa mga posisyon na full-time bago ang mga empleyado na humiling ng tungkuling full-time bago ipaskil ito ng Kompanya.

7.06 The Company agrees to give one (1) week's notice prior to changing an employee's status from full-time to a part-time basis.

Sumasang-ayon ang Kompanya na bigyan ng isang (1) linggong abiso ang empleyado bago baguhin ang katayuan nito mula full-time sa part-time.

7.07 It will be the responsibility of each employee to keep the Company and the Union advised at all

times of their current address and telephone number, either temporary or permanent.

Responsibilidad ng bawat empleyado na abisuhan ang Kompanya at ang Unyon sa laht ng oras ng kanilang kasalukuyang tirahan at numero ng telepono, maging pansamantala o permanente ang mga ito.

7.08 **Part-time** **Part-time**

Part-time employees will have seniority only within the part-time seniority list, and full-time employees will have seniority over part-time employees. For scheduling purposes, part-time employees will still be scheduled separately from full-time employees. Said scheduling shall be done by department, by seniority, providing the employee has the ability to perform the normal functions of the job. The Company agrees to schedule part-time employees as indicated above in order that a senior part-time employee, if hours are available when scheduling a week, may be scheduled up to forty (40) hours.

Ang mga part-time na empleyado ay magkakaroon ng katandaan lamang sa loob ng listahan ng katandaan ng part-time, at ang mga full-time na empleyado ay magkakaroon ng katandaan sa mga part-time na empleyado. Para sa layunin ng pagtatakda ng oras ng trabaho, ang mga part-time na empleyado ay tatakda ng oras ng trabaho na hiwalay sa mga empleyadong full-time. Ang nasabing pagtakda ay gagawin ng kagawaran, batay sa katandaan, sa kondisyon na ang empleyado ay mayroong kakayahan

na gawin ang mga karaniwang gawain ng trabaho. Sumasang-ayon ang Kompanya na itakda ang mga part-time na empleyado na nakasaad sa itaas sa kaayusan na ang part-time na empleyadong may katandaan, kung mayroong mga oras habang nagtatakda sa isang linggo, ay maaaring itakda ng hanggang apatnapung (40) oras.

SECTION 8

LAY-OFF AND RECALL FROM LAY-OFF PAGTANGGAL AT PAGBALIK GALING SA PAGKATANGGAL

8

8.01 Lay-off Notice / Definition

Abiso ng Pagkatanggal / Pagtukoy

(a) A lay-off, for the purpose of this section, shall be defined as a layoff of seven (7) consecutive calendar days or longer.

Ang pagtanggal, para sa layunin ng seksyong ito, ay itutukoy bilang isang pagkatanggal ng pitong (7) magkakasunod na araw ng kalendaryo o higit pa.

(b) In the case of lay-off of employees with less than six (6) months seniority, the Company agrees that two (2) working days notice shall be given. For employees with six (6) months or more of service, two (2) working days notice shall be given for each year of service, up to a maximum of five (5) working days.

Sa pangyayari ng pagkatanggal ng mga empleyado na mayroong hindi aabot sa anim (6) na buwang katandaan, sumasang-ayon ang Kompanya na dalawang (2) araw ng trabahong abiso ang ibibigay dito. Para sa mga empleyado na mayroong anim (6) na buwan o higit pang serbisyo, dalawang (2) araw ng trabahong abiso ang ibibigay sa bawat taon ng serbisyo hanggang sa hindi tataas sa limang (5) araw ng trabaho.

8.02 Lay-offs and recall to employment shall be based on seniority, i.e., the last hired employee shall be the first laid-off, and the last laid-off shall be the first recalled, provided the senior employee is able to perform the normal functions of the job, or can qualify reasonably quickly. Those given such opportunity to qualify must within seven (7) working days demonstrate ability to perform the assigned classification satisfactorily.

Ang mga pagtanggap at pagbalik ng pagkatanggal ay gagawing batay sa katandaan, i.e., ang pinakahuling tinanggap na empleyado ay ang unang tatanggalin, at ang huling tatanggalin ay ang unang babawiin ang pagkatanggal, sa kondisyon na ang empleyadong may katandaan ay may kakayahang gawin ang mga karaniwang gawain ng trabaho, o maaaring maging karapat-dapat kaagad. Sa mga nabigyan ng pagkakataong ito upang maging karapat-dapat ay kailangang maipakita ang kanilang kakayahan na gawin ng kasiya-siya ang mga nakatakandang pag-uuri sa loob ng pitong (7) araw ng trabaho.

Part-time employees shall be laid-off prior to full-time employees on the criteria set out above. Full-time employees shall be recalled prior to part-time employees on the criteria as set out above.

Ang mga part-time na empleyado ay tatanggalin bago ang mga full-time na empleyado gamit ang saligan na nakasaad sa itaas. Ang mga full-time na empleyado ay pabalikin bago ang mga part-time na empleyado gamit ang saligan na nakasaad sa itaas.

8.03 In the event that a full-time employee is laid-off due to reduction of business, said employee would be entitled to displace the most junior full-time employee in another department within his classification, and be given an opportunity to demonstrate his ability to perform the normal functions of the job within one week, except in the event of permanent closure of a department or a job becoming redundant, in which case this period of time shall be up to ten (10) working days. When a junior full-time employee is displaced by another senior employee as indicated above, (s)he shall be offered the opportunity to remain part-time in his classification in another department, by displacing the most junior employee, or by displacing the most junior part-time employee, or displacing the most junior full-time employee in a lower rate of pay classification, or be laid-off if the employee so chooses.

Sa kaganapan na ang isang full-time na empleyado ay tinanggal dahil sa kabawasan ng negosyo, ang nasabing empleyado ay may karapatan na palitan ang pinaka-babatang full-time na empleyado sa loob

ng ibang kagawaran na nasa katulad na pag-uuri, at mabigyan ng pagkakataon na maipakita ang kanyang kakayahan na gawin ang mga karaniwang gawain ng trabaho sa loob ng isang linggo, maliban lamang kung sa kaganapan ng permanenteng pagsara ng isang kagawaran o isang trabaho na naging kalabisan, sa ganoong sitwasyon ang pahanon ay magiging hanggang sampung (10) araw ng trabaho. Kapag ang nakababatang full-time na empleyado ay napalitan ng isang empleyadong may katandaan batay sa nakasaad sa itaas, siya ay aalukin ng pagkakataon na manatili bilang part-time sa kanyang pag-uuri sa loob ng ibang kagawaran, o papalitan ang pinaka-babatang full-time na empleyado na mayroong mas mababang pag-uuri ng sahod, o matanggal kung ito ang pipiliin ng empleyado.

8.04 Any employee who has been notified at his or her last known address to return to work, and within five (5) calendar days has failed to do so without reasonable excuse, shall be considered to have quit their employment voluntarily and their existing seniority rights shall be therefore terminated. When such notice is sent to any employee, a copy thereof shall be sent concurrently to the Union.

Ang kahit na sinong empleyado na na-abisuhan gamit ang pinakahuling kilalang tirahan na bumalik sa trabaho, at sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo ay nabigong gawin ito na walang makatwirang dahilan, ay ituturing na boluntaryong nagbitiw sa kanilang tungkulin at ang kanilang karapatang pang-katandaan ay tatapusin. Kapag ang abisong ganito ay ipinadala sa kahit na sinong

empleyado, magpapadala rin ng isang kopya nito sa Unyon.

8.05 The Company agrees to supply a list of laid-off or recalled employees, excluding those on probation, on the day an employee is given notice of lay-off or given notice of recall to the Chief Steward and a copy of same faxed to the Union.

Sumasang-ayon ang Kompanya na magbigay ng listahan ng mga tinanggal o pinabalik na mga empleyado, hindi kasama ang mga nasa hindi regular na trabaho, sa araw na binigyan ang empelyado ng abiso ng pagkatanggal o abiso ng pagbalik sa Chief Steward at isang kopya din ng mga ito sa Unyon.

SECTION 9
VACANCIES/CLASSIFICATION
POSTINGS
MGA BAKANTENG TRABAHO/
PAGUURI NG MGA IPINASKIL

9

9.01 Classification vacancy(ies) are newly created positions or positions that have been vacated by an employee or any additional positions that are required by the Company to meet its business obligations. When the Company determines that there is a permanent vacancy it shall be posted on the bulletin board for three (3) working days within seven (7) working days from the date the classification vacancy has been created. Said classification vacancy to be filled shall be awarded to the senior qualified

employee within fifteen (15) calendar days from the end of the three (3) day posting, providing the remaining employees can satisfactorily and efficiently perform the work required, but in any event said classification vacancy shall be awarded within forty-five (45) calendar days **and the employees movement to the awarded position shall not be unreasonably delayed.** The name of the successful applicant is to be posted on the bulletin board.

Ang (mga) bakanteng trabaho na pag-uuri ay bagong gawang mga posisyon o mga posisyon na iniwan ng isang empleyado o kahit na anong mga karagdagang posisyon na kailangan ng Kompanya upang matapos ang mga obligasyong pangnegosyo. Kapag nagpasiya ang Kompanya na mayroong isang permanenteng bakanteng trabaho ito ay ipapaskil sa bulletin board ng tatlong (3) araw ng trabaho sa loob ng pitong (7) araw ng trabaho mula sa araw na ginawa ang bakanteng trabahong may pag-uuri. Ibibigay ang bakanteng trabahong may pag-uuri sa kwalipikadong empleyadong may katandaan sa loob ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo mula sa katapusan ng tatlong (3) araw ng pagpaskil, sa kondisyon na ang mga natitirang empleyado ay may kakayahang gawin ang kailangang trabaho ng kasiya-siya at mahusay, ngunit sa kahit na anong kaganapan na ang nasabing bakanteng trabahon na pag-uuri ay ibinigay sa loob ng apatnapu't limang (45) araw ng kalendaryo **at hindi maaantala ng hindi makatwiran ang posisyon na ibinigay sa empleyado.** Ang pangalan ng matagumpay na aplikante ay ipapaskil sa bulletin board.

9.02 The Company will provide copies of job postings, applicant lists and the name of individual(s) awarded the job to the Chief Steward.

Magbibigay ang Kompanya ng mga kopya ng nakapaskil na trabaho, listahan ng mga aplikante at pangalan ng (mga) taong nabigyan ng trabaho sa Chief Steward.

9.03 Vacancies occurring as a result of filling a temporary position will be filled by Management, by giving an opportunity to senior qualified employees to fill the vacancy, provided they possess the knowledge, training, ability, and physical fitness for the vacant position. Successful applicants for a temporary vacancy must remain in the position until the incumbent returns to work, or may be released earlier if the Company approves.

Ang mga pagkabakante ng trabaho na nangyayari dahil sa pagpuno ng pansamantalang posisyon ay pupunuin ng administrasyon, sa pamamagitan ng pagbigay ng pagkakataon sa mga kwalipikadong empleyadong may katandaan upang mapuno ang bakanteng trabaho, sa kondisyon na mayroon silang kaalaman, pagsasanay, kakayahan, at tamang kalusugan para sa bakanteng trabaho. Ang mga matagumpay na aplikante para sa isang pansamantalang bakanteng trabaho ay kailangang manatili sa posisyong ito hanggang sa bumalik ang nanunungkulan sa posisyong iyon, o maaaring umalis ng masmaaga kung may pahintulot ng Kompanya.

9.04 Job postings shall identify the classification, hours of work, which means the starting and quitting time, **the days of the week** and the department. **Maintenance postings shall also indicate the primary department that the employee will be required to work in.**

Ang mga ipinaskil na trabaho ay kikilalanin ang pag-uuri, mga oras ng trabaho, na ang ibig sabihin ay ang oras ng pag-umpisa at pagtatapos ng trabaho, **mga araw ng linggo** at ang kagawaran. **Ang mga nakapaskil ay ipapahiwatig din ang pangunahing kagawaran kung saan kailangang magtrabaho ang empleyado.**

9.05 Successful applicants under this provision may not apply for a further classification posting until they have worked nine (9) months in the position, except if the employee is applying to a higher paid classification in their department, **or if the posting is in the maintenance department and the employee is already working in the same department that the posting is designated for, or if the employee has worked in that department in the last twelve (12) months.** Successful applicants who are removed by the Company will not be subject to the nine (9) month bar.

Ang mga matagumpay na aplikante sa ilalim ng kondisyong ito ay hindi maaaring mag-aplay sa ibang ipinaskil na pag-uuri hanggang sa matapos nila ang siyam (9) na buwang pagtrabaho sa posisyong iyon, maliban lamang kung ang empleyado ay nag-aaplay para sa pag-uuring mayroong mas mataas na kabayaran

sa loob ng kanilang kagawaran, **o kung ang nakapaskil ay nasa loob ng kagawaran ng pagpapanatili at ang empleyado ay nagtatrabaho na sa loob ng kagawarang iyon kung saan nakatalaga ang nakapaskil, o kung ang empleyado ay nagtrabaho sa kagawarang iyon sa loob ng labindalawang (12) buwan.** Ang mga matagumpay na mga aplikante na tinanggal ng Kompanya ay hindi sasailalim sa siyam (9) na buwang pagkabuklod.

9.06 Employees who are on Workers Compensation, weekly indemnity, personal leave of absence, or vacation for more than one month shall be bypassed when granting the bid position.

Ang mga empleyado na nasa Kabayaran ng Manggagawa, lingguhang bayad-pinsala, pansariling pagkaliban, o bakasyon na higit sa isang buwan ay lalaktawan habang ibinibigay ang posisyon ng pagpahayag.

9.07 It is understood that an employee with seniority must possess the knowledge, training, ability and physical fitness for the vacant position, which will be tested when the company gives the senior employee a reasonable training period to demonstrate their knowledge, training, ability and physical fitness for the position to which the employee applied. For semi-skilled positions, the training period will be up to **ten (10) working days but no less than two (2) working days**, and for skilled positions, the training period will be up to **twenty (20) working days but no less than five (5) working days**.

Naiiintidihan na ang isang empleyado na may katandaan ay kailangang mayroong kaalaman, kasanayan, kakayahan at tamang kalusugan para sa bakanteng posisyon, na kapag sinuri habang binibigyan ng kompanya ang empleyadong may katandaan ng isang makatwirang panahon ng pagsasanay na maipakita ang kanilang kaalaman, kasanayan, kakayahan at tamang kalusugan para sa posisyon kung saan nag-aplay ang empleyado. Para sa mga posisyong mayroong hating-kasanayan, ang panahon ng pagsasanay ay hanggang **sampung (10) araw ng trabaho ngunit hindi bababa sa dalawang (2) araw ng trabaho**, at para sa mga dalubhasang posisyon, ang panahon ng kasanayan ay hanggang **dalawangpung (20) araw ng trabaho ngunit hindi bababa sa limang (5) araw ng trbaho**.

The company agrees that the training/qualifying periods indicated above are the period of time that the company assigns in order to form an opinion as to whether or not an employee will eventually be able to perform the work without instruction or assistance. The Company and the Union agree that during said training/qualifying period said employee shall be paid the rate of pay of the position they are vacating. Upon completion of the training/qualifying period, or forty-five (45) calendar days from the date of the award whichever is less, the employee shall be paid the rate of the job applied for.

Sumasang-ayon ang kompanya na ang mga panahon ng pagsasanay/pagpapaging-dapat na nakasaad sa itaas ay mga panahon na itinatakda ng kompanya upang malaman kung ang isang empleyado ay may kakayahang gawin ang trabaho na walang pagtuturo o tulong. Sumasang-ayon ang

Kompanya at ang Unyon na ang nasabing panahon ng pagsasanay/pagpapaging-dapat ng nasabing empleyado ay babayaran sa halaga ng sahod ng posisyon na kanilang iiwanan. Sa oras na matapos ang panahon ng pagsasanay/pagpapaging-dapat, o limampu't-limang (45) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagkalooban kung anuman ang masmababa, babayaran ang empleyado ng halagang katumbas ng sahod ng trabahong in-aaplyan niya.

If the employee has performed the said job in a classification within the last twenty-four (24) months, and can still perform the said job, there will not be a need for a trial period.

Kapag nagawa ng empleyado ang trabaho ng isang pag-uuri sa loob ng dalawampu't apat (24) na buwan, at kaya pa rin niyang gawin ang nasabing trabaho, hindi na mangangailangan ng panahon ng pagsubok.

9.08 An employee cannot qualify for the classification if said employee is causing serious loss or damage to product or equipment or inefficiency in the operation. Under these circumstances, the employee may be removed at any time and returned to his or her former position.

Hindi magiging karapat-dapat ang isang empleyado para isa pag-uuri kung ang nasabing empleyado ay nagdudulot ng seryosong pagkawala o pagkasira sa produkto o kagamitan o kawalan-kaya sa operasyon. Sa ilalim ng mga kondisyong ito, maaaring tanggalin ang empleyado kahit anong oras at ibalik sa dati niyang posisyon.

9.09 An employee who successfully bids on a position may opt to return to their former position at anytime during the training period without penalty. An employee can exercise this option only once every calendar year.

Ang empleyado na matagumpay na nagpahayag sa isang posisyon ay may pagkakataon na bumalik sa kanilang dating posisyon sa kahit na anong oras habang nasa panahon ng pagsasanay na walang kaparusahan. Maaaring gawin itong pagkakataon na ito ng empleyado ng isang beses bawat taon ng kalendaryo lamang.

9.10 It is understood that employees who post to a lower paying job will be paid the rate of the job to which they post.

Naiintindihan na ang mga empleyado na nagpaskil sa trabahong mayroong mas mababang sahod ay babayaran ng sahod na katumbas ng halaga ng sahod ng trabahong iyon.

9.11 A part-time employee may become a full-time employee when either of the following circumstances arise:

Ang isang part-time na empleyado ay maaaring maging isang full-time na empleyado kapag nangyari ang mga sumusunod na kalagayan:

(a) a part-time employee successfully bids for a full-time position and is awarded the position as per Section 9.01 above; (the Company and the Union agree that full-time employees shall be given preference

over part-time employees when full-time positions are available.) or

matagumpay na nakapagpahayag ang isang part-time na empleyado para sa isang full-time na posisyon at ibinigay ang posisyon batay sa Seksyon 9.01 sa itaas; (sumasang-ayon ang Kompanya at Unyon na ang mga full-time na empleyado ay bibigyan ng pagtatangi kaysa mga part-time na empleyado kung mayroong mga full-time na posisyon.) o

(b) a part-time employee has worked the same number of hours as a full-time employee over a three (3) calendar month period. They shall then be deemed to be a full-time employee and shall receive pay and benefits according to the full-time employee's classification in the collective bargaining agreement. The exception to this rule shall be when a part-time employee is specifically informed that he is replacing an employee for vacation purposes, leave of absence, illness or injury, or workers compensation for a period not exceeding six (6) calendar months.

nagtrabaho ang isang part-time na empleyado ng katulad na bilang ng mga oras ng isang full-time na empleyado sa loob ng tatlong (3) buwan ng kalendaryo. Sila ay ituturing na isang full-time na empleyado at makakatanggap ng sahod at mga benepisyo na ayon sa pag-uuri ng full-time na empleyado sa collective bargaining agreement. Ang kataliwasan sa patakarang ito ay kapag ang part-time na empleyado ay sinabihan na papalitan niya ang isang empleyado dahil sa layunin ng bakasyon, pagliban na may pahintulot, pagkasakit o pagkapinsala, o kabayaran sa manggagawa para sa isang panahon na hindi lalampas ng anim (6) na buwan ng kalendaryo.

SECTION 10 JOB ROTATION COMMITTEE LUPON NG PAGPAPAIKOT NG TRABAHO

10.01 The Job Rotation Committee will identify the positions within each classification and employees will be allowed to rotate jobs within their classifications in order to promote greater productivity, safety on the job, and job satisfaction. The Job Rotation Committee agrees to consult with the affected employees to determine job rotation based on the principle that there is no job ownership. The length of time or duration shall be determined by the Job Rotation Committee, consistent with the objectives of the rotation system.

Ang Lupon ng Pagpapaikot ng Trabaho ay kikilalanin ang mga posisyon sa loob ng bawat pag-uuri at ang mga empleyado ay pahihintulutang umikot sa mga trabaho na nasa loob ng kanilang pag-uuri upang magtaguyod ng mas higit na pagiging produktibo, kaligtasan sa trabaho, at kasiyahan sa trabaho. Ang Lupon ng Pagpapaikot ng Trabaho ay sumasang-ayon na makipagkonsulta sa mga apektadong empleyado upang malaman ang paraan ng pagikot ng trabaho batay sa alituntunin na walang may pag-aari ng trabaho. Ang haba ng panahon ay aalamin ng Lupon ng Pagpapaikot ng Trabaho, kasang-ayon sa mga layunin ng systema ng pagiiikot.

The Company agrees to form a job rotation committee composed of two (2) employees designated by the Union, one of whom may be a full

time Union Representative, and two (2) Company representatives designated by management.

Sumasang-ayon ang Kompanya na magbuo ng isang lupon ng pagpapaikot ng trabaho na kinabibilangan ng dalawang (2) empleyadong itinalaga ng Unyon, ang isa dito ay maaaring isang full-time na Kinatawan ng Unyon, at dalawang (2) kinatawan ng Kompanya na itinalaga ng administrasyon.

In identifying the position(s) within each classification for rotation, the committee shall take into consideration the safety and ergonomic needs of the employee(s), their ability to do other job(s), and the length of time that employee(s) have been working on a similar job. The Company agrees that not necessarily all jobs will rotate.

Sa pagkilala ng (mga) posisyon sa loob ng bawat pag-uuri para sa pagiikot, isasaalang-alang ng lupon ang kaligtasan at ergonomic na mga pangangailangan ng (mga) empleyado, ang kanilang kakayahan na gawin ang ibang (mga) trabaho, at ang haba ng panahon kung saan tinatrabaho ng (mga) empleyado ang katulad na trabaho. Sumasang-ayon ang Kompanya na hindi mapapaikot ang lahat ng mga trabaho.

The Job Rotation Committee shall meet not less frequently than quarterly unless the parties mutually agree to a different schedule.

Ang Lupon ng Pagiikot ng Trabaho ay magpupulong ng hindi bababa sa isang beses bawat tatlong buwan maliban lamang kung napagsang-ayunan na magpulong sa ibang panahon.

SECTION 11 GENERAL HOLIDAYS MGA KARANIWANG ARAW NG PAHINGA

11.01(a) The Company agrees to pay all regular employees eight (8) hours or **nine and a half (9½) hours as the case may be** at their regular rate of pay for eleven (11) paid General Holidays, namely:

Sumasang-ayon ang Kompanya na babayaran ang lahat ng regular na mga empleyado ng walong (8) oras o **siyam at kalahating (9½) oras** sa kanilang karaniwang halaga ng sahod para sa labing-isang (11) bayad na mga Karaniwang Araw ng Pahinga:

New Year's Day	Labour Day
Louis Riel Day	Thanksgiving Day
Good Friday	Remembrance Day
Victoria Day	Christmas Day
Canada Day	Boxing Day
Terry Fox Day	

Bagong Taon	Araw ng mga Manggagawa
Araw ni Louis Riel	Araw ng Pasasalamat
Biyernes Santo	Araw ng Pagbati
Araw ng Victoria	Pasko
Araw ng Canada	Araw ng Boksing
Araw ni Terry Fox	

and any other days declared by the Federal or Provincial Government. For employees working ten (10) or twelve (12) hour shifts or those working regular overtime, it will be their average length of shift in the last four (4) week period.

at anumang ibang araw na ipinahayag ng Pederal o Probinsyal na Gobyerno. Para sa mga empleyadong nagtatrabaho ng sampu (10) o labindalawang (12) oras na oras ng pagtrabaho o iyong mga may regular na higit sa bilang ng oras ng trbaho, ito ay ang kanilang karaniwang haba ng oras ng trabaho sa loob ng huling apat (4) na linggong panahon.

If a General Holiday does not fall on a work day within the scheduled work week of an employee, he or she shall receive either an additional eight (8), **nine and a half (9½), ten (10) or twelve (12)** hours' pay or another day off with pay, which is mutually agreed upon between management and the union, provided it is approved by a majority of the employees.

Kapag ang Karaniwang Araw ng Pahinga ay bumagsak sa araw ng trabaho a loob ng itinakdang linggo ng trabaho ng isang empleyado, siya ay makakatanggap ng karagdagang walo (8), **siyam at kalahati (9½), sampu (10) o labindalawang (12)** oras na sahod o isa pang araw ng pahinga na may kabayaran, na pinagsang-ayunan sa pagitan ng administrasyon at ng unyon, sa kondisyon na aprubado ito ng karamihan ng mga empleyado.

(b) The above General Holidays indicated in 11.01 (a) above shall be observed on the date they fall unless they fall on a Saturday or Sunday in which event the closest Friday or Monday shall be the designated

day. No later than October 1st of each year, the Union and the Company may mutually agree to observe an alternate date for Remembrance Day, Christmas Day, Boxing Day and New Year.

Ang nakasaad na mga Karaniwang Araw ng Pahinga sa itaas sa 11.01 (a) ay kikilalanin sa araw kung saan sila bumagsak maliban lamang kung bumagsak sila sa isang araw ng Sabado o Linggo kung saan ang pinakamalapit na araw ng Biyernes o Lunes ang itatalagang araw. Hindi lalampas ng ika-1 ng Oktubre bawat taon, pagsasang-ayunan ng Unyon at ng Kompanya na kumilala ng isang alternatibong petsa para sa Araw ng Pagbati, Pasko, Araw ng Boksing at Bagong Taon.

11.02 In order for a full-time or part-time employee to receive pay for a General Holiday, (s)he must not have been voluntarily absent from work on the scheduled work day prior to or following such holiday except for illness supported by medical documentation.

Upang makatanggap ng kabayaran ang isang full-time o part-time na empleyado para sa isang Karaniwang Araw ng Pahinga, siya ay hindi dapat boluntaryong magliliban sa trabaho sa itinakdang araw ng trabaho bago o pagkatapos ng araw ng pahinga na iyon maliban sa pagkasakit na suportado ng kasulatang medikal.

Any employee on leave of absence granted by the Company, at the request of the employee, shall not qualify for a General Holiday with pay if (s)he is absent on both their last scheduled work day prior

to, and their first scheduled work day following the General Holiday.

Ang kahit na sinong empleyado na lumiban sa trabaho na may pahintulot ng Kompanya, sa paghiling ng empleyado, ay hindi magiging karapat-dapat para sa Karaniwang Araw ng Pahinga na may kabayaran kung siya ay nagliban sa parehong huling itinakdang araw ng trabaho bago sa, at sa unang itikandang araw ng trabaho pagkatapos ng Karaniwang Araw ng Pahinga.

Any employee receiving a payment for a General Holiday under Weekly Indemnity benefits or Workers Compensation, or sick days, or who has been laid off, shall not be entitled to General Holiday pay.

Ang kahit na sinong empleyado na tatanggap ng kabayaran para sa isang Karaniwang Araw ng Pahinga sa ilalim ng mga benepisyo ng Lingguhang Bayad-pinsala o Kabayaran sa Manggagawa, o araw ng pagkakasakit, o natanggal sa trabaho, ay hindi mabibigyan ng kabayaran ng Karaniwang Araw ng Pahinga.

11.03 Eligible full-time employees shall suffer no reduction in their pay for a General Holiday as set out in 11.01 above, and shall be paid as indicated in Sections 5.03 and 5.04 of this agreement.

Ang mga karapat-dapat na mga full-time na empleyado ay hindi makakaranas ng pagbawas sa kanilang sahod para sa Karaniwang Araw ng Pahinga na nakasaad sa 11.01 sa itaas, at babayaran batay sa nakasaad sa mga Seksyon 5.03 at 5.04 ng kasunduang ito.

11.04 When a General Holiday falls on a regular scheduled day, eligible part-time employees shall be compensated for general holidays based on their average hours worked during the last four (4) weeks.

Kapag ang Karaniwang Araw ng Pahinga ay bumagsak sa isang regular na itinakdang araw, ang mga karapat-dapat na mga full-time na empleyado ay mabibigyan ng kabayaran para sa mga karaniwang araw ng pahinga batay sa kanilang karaniwang oras na tinrabaho sa huling apat (4) na linggo.

If the Holiday falls on a non-working day, eligible part-time employees shall receive five (5%) percent of the employee's total wage, excluding overtime, for the four (4) week period immediately preceding the Holiday.

Kung ang Araw ng Pahinga ay bumagsak sa isang araw na walang trabaho, ang mga karapat-dapat na mga part-time na empleyado ay makakatanggap ng limang (5%) porsiyento ng kabuuang sahod ng empleyado, hindi kasama ang higit sa bilang ng oras ng pagtrabaho, para sa apat (4) na linggong panahon bago ang Araw ng Pahinga.

12

SECTION 12 WAGES MGA SAHOD

12.01 The minimum hourly rates of wages for all employees coming under this Agreement shall be as set out in Appendix "B" of this Agreement. The rates of pay provided in Appendix "B" are minimum rates and

apply to the job classifications. The Company reserves the right to pay employees within a job classification higher than the classification rate.

Ang pinakamababang halaga ng sahod bawat oras para sa lahat ng mga empleyado sa ilalim ng Kasunduang ito ay makikita sa Apendiks “B” ng Kasunduang ito. Ang mga halaga ng sahod ay na nakasaad sa Apendiks “B” ay mga pinakamababang halaga at gagamitin sa mga pag-uuri ng trabaho. Nirereserba ng Kompanya ang karapatan upang bayaran ang mga empleyado sa loob ng pag-uuri ng trabaho na mas mataas sa halaga ng pag-uuri.

12.02 **Injury at Work**

Pagkapinsala sa Trabaho

An employee injured while working in the plant shall suffer no loss of earnings for the hours he or she would have normally worked but were lost on the day in which the accident occurred. Employees will be required to provide written confirmation from the attending physician of treatment and inability to return to the workplace for the balance of the shift if requested by management.

Ang isang empleyado na napinsala habang nagtatrabaho sa planta ay hindi mawawalan ng sahod sa mga oras na siya ay karaniwang nakapagtrabaho ngunit nawala sa araw na iyon kung kailan nangyari ang aksidente. Ang mga empleyado ay kailangang magbigay ng kasulatang nagpapatibay galing sa doktor ng pagpapagamot at kawalan ng kakayahan na bumalik sa lugar ng trabaho para sa pagbalanse ng oras ng paggawa kung hiniling ng administrasyon.

13

SECTION 13 MODIFIED DUTIES / ALTERNATE WORK ARRANGEMENTS BINAGONG MGA TUNKULIN / ALTERNATIBONG PAGSASAAYOS NG TRABAHO

13.01 The Company and the Union, whenever needed, will meet to arrive at a mutually satisfactory agreement to find suitable duties and alternate work arrangements for employees who may have physical restrictions. Employees who are accommodated to these positions shall be considered to be temporarily assigned to the positions, which shall not exceed sixty (60) calendar days except by mutual agreement between the Company and the Union. Any employee who is accommodated to a new job will be paid at their regular job classification hourly rate during the aforementioned accommodation period.

Ang Kompanya at ang Unyon, kung alinman ang kinakailangan, ay magtatagpo at magkakaroon ng pagsang-ayon upang makahanap ng angkop na mga tungkulin at alternatibong pagsasaayos ng trabaho para sa mga empleyado na mayroong pisikal na paghihimpil. Ang mga empleyado na nabigyan ng mga posisyong ito ay ituturing na pansamantalang itinalaga sa mga posisyong ito, na hindi lalampas sa animnapung (60) araw ng kalendaryo maliban lang sa pagsasang-ayon sa pagitan ng Kompanya at ng Unyon. Ang kahit na sinong empleyado na binigyan ng bagong trabaho ay babayaran ayon sa kanilang sahod bawat oras ng regular na pag-uuri ng trabaho habang nasa panahon ng pagbigay na iyon.

SECTION 14 VACATIONS WITH PAY MGA BAKASYON NA MAY KABAYARAN

14

14.01 Each year's vacation requirements for any full-time employee to qualify for the respective periods of vacation with pay, as set forth below, are that they have not missed more than thirty (30) days during a continuous twelve (12) month period, but time for absence from work not to include:

Ang mga kinakailangan upang karapat-dapat na makapagbakasyon bawat tayon para sa kahit na sinong full-time na empleyado para sa mga panahon ng bakasyon na may kabayaran, na nakasaad sa ibaba, ay dapat hindi sila nawala ng higit sa tatlung (30) araw sa isang tuluy-tuloy na labindalawang (12) buwan na panahon, ngunit ang panahon na nagliban sa trabaho na hindi kasama ang:

- (1) the period of vacation;
panahon ng bakasyon;
- (2) time during which the employee has been authorized by the Company to be absent from work (including union leave);
panahon kung saan ang empleyado ay pinahintulutan ng Kompanya na lumiban sa trabaho (kasama ang pagliban sa unyon);
- (3) time during which the employee has been on WCB (up to one (1) year) or short term disability;

panahon kung saan ang empleyado ay nasa WCB (hanggang isang (1) taon) o maigsing panahon ng pagkabalda;

Where a full-time employee does not qualify for vacation with pay as outlined above (s)he shall receive vacation pay calculated at two (2%) percent of their total wages earned for each week of vacation entitlement, for which no vacation allowance has been paid.

When entering the plant and before visiting the plant, the Union Representative shall contact the management representative and advise that they intend to visit the plant. The Company shall then allow the Chief Steward or designate to accompany the Union Representative during such visits. All time spent by the Chief Steward or designate to accompany the Union Representative during such visits shall be considered as time worked.

Kapag pumasok ng planta o bago bumisita sa planta, ang Kinatawan ng Unyon ay makikipag-ugnayan sa kinatawan ng administrasyon at magaabiso na siya ay bibisita sa planta. Bibigyan ng Kompanya ng pahintulot ang Chief Steward o magtatalaga ng isang kinatawan na sasama sa Kinatawan ng Unyon sa gayong mga pagbisita. Ang lahat ng oras na ginamit ng Chief Steward o ang naitalagang kinatawan nito sa pagsama sa Kinatawan ng Unyon sa mga pagbisita ay ituturing na oras na tinrabaho.

18.03 Under no circumstances will a Union Representative interrupt, disrupt or stop any employee while engaged in the performance of their duties. If the Union Representative wishes to speak to any

employee, permission is required first from the Operations Supervisor or their designate, who shall not unreasonably deny this request.

Hindi maaaring abalihin o pahintuin ng Kinatawan ng Unyon ang sinumang empleyado na gumagawa ng kanilang tungkulin. Kung nais ng Kinatawan ng Unyon na makipag-usap sa kahit na sinong empleyado, kailangan muna ng pahintulot galing sa Tagapamahala ng Operasyon o kinatawan nito, na siyang hindi magpapahintulot na walang katwiran.

18.04 When in the plant, the Union Representative will follow and observe all policies governing plant operation.

Habang nasa planta, ang Kinatawan ng Unyon ay susunod sa lahat ng mga patakaran sa planta.

18.05 The Company agrees to co-operate with the Union Representatives in the discharge of their duties and provide them with the necessary information as it relates to the Collective Bargaining Agreement.

Sumasang-ayon ang Kompanya na makipagtulungan sa mga Kinatawan ng Unyon sa paggawa ng kanilang mga tungkulin at mabigyan sila ng kailangang impormasyon na may kaugnayan sa Collective Bargaining Agreement.

18.06 All time in the Plant spent by the Chief Steward or designate to attend meetings, conduct investigations, or perform any duties related to Union business shall be considered as time worked, provided it is approved by management.

Ang lahat ng oras na ginamit sa loob ng Planta ng Chief Steward o ang kinatawan nito upang makipagpulong, magsagawa ng mga imbestigasyon, o gumawa ng kanilang mga tungkulin na kaugnay sa tungkulin ng Unyon ay ituturing na oras na tinrabaho, sa kondisyon na aprubado ito ng adminstrasyon.

19

SECTION 19 LEAVES OF ABSENCE MGA PAGLIBAN

19.01 Shop Stewards, as set out in Section 25, shall be granted time off without pay to attend Union business, up to **six (6)** days per year, providing the Company is given two (2) weeks prior notice of such request. The **six (6)** day limit will not apply to the Chief Steward, Assistant Chief Stewards, **Health and Safety Co-Chair** or members elected to the Executive Board, who shall be granted the time necessary to perform their duties with the Union.

Ang mga Shop Steward, na nakasaad sa Seksyon 25, ay bibigyan ng panahon na walang trabaho na walang kabayaran upang maisagawa ang tungkulin ng Unyon, na hanggang **anim (6)** na araw bawat taon, sa kondisyon na binigyan ang Kompanya ng dalawang (2) linggong abiso sa kahilingang ito. Ang **anim (6)** na araw na limitasyon ay hindi magagamit sa Chief

Steward, **mga** Assistant Chief Steward, Pangalawang Tagapangulo ng Kalusugan at Kaligtasan o mga miyembro na inihalal sa Lupon ng mga Tagapamahala, na siyang bibigyan ng panahon na kailangan upang maisagawa ang kanilang mga tungkulin sa Unyon.

19.02 Personal Leave

Pansariling Pagliban

Any employee with one (1) year or more seniority may request a leave of absence of one (1) to four (4) weeks without pay. The request shall be made in writing, giving full details, and same shall be considered by management on an individual basis, taking into account the reason for the request and their ability to accommodate the request based on operational requirements. The granting of such requests shall not be unreasonably withheld by the Company. Such leaves will be lower in priority to vacation requests.

Ang kahit na sinong empleyado na mayroong isang (1) taon o maraming katandaan ay maaaring humiling ng pagliban na isa (1) hanggang apat (4) na linggo na walang kabayaran. Ang paghiling ay gagawin na pasulat, magbibigay ng buong detalye, at ang katulad nito ay ituturing ng administrasyon sa paraang indibidwal, isasaalang-alang ang dahilan ng kahilingan at ang kanilang kakayahan na tanggapin ang kahilingan batay sa mga pangangailangan ng operasyon. Ang pagpahintulot sa ganitong mga kahilingan ay hindi pipigilan ng Kompanya. Ang ganitong mga pagliban ay bibigyan ng mas mababang pagtingin kaysa sa mga kahilingang pangbakasyon.

If an employee uses the above noted leave to work for another employer without disclosing this to the Company they shall have been deemed to have resigned.

Kung ginamit ng isang empleyado ang nakasaad sa itaas na pagliban upang makapagtrabaho sa ibang maypagawa na hindi ipinaalam sa Kompanya sila ay ituturing na nagbitiw sa tungkulin.

19.03 Upon two (2) weeks' prior notice in writing from the Union, the Company agrees to grant a leave of absence of up to one (1) year to one (1) employee who is elected or appointed to a full-time position in the Union. Such leave of absence shall be without pay or other benefits, except that seniority shall continue to accumulate to a maximum of one (1) calendar year. The Union agrees to notify the Company at least two (2) weeks in advance of the employee's return to work for the Company.

Sa dalawang (2) linggong pagabiso na pasulat galing sa Unyon, sumasang-ayon ang Kompanya na pahintulutan ang pagliban ng hanggang isang (1) taon sa isang (1) empleyado na inihala o itinalaga sa isang full-time na posisyon sa Unyon. Ang ganitong pagliban ay walang kabayaran o mga benepisyo, maliban lamang sa katandaan na magpapatuloy na maipon hanggang sa pinakamataas na isang (1) taon ng kalendaryo. Sumasang-ayon ang Unyon na aabisuhan ang Kompanya ng dalawang (2) linggo bago ang pagbabalik ng empleyado sa trabaho niya sa Kompanya.

19.04 **Maternity Leave / Parental Leave / Including Adoption Leave**

Pagliban ng Pagka-ina / Pagliban ng Pagka-magulang/Kasama ang Pagliban ng Pag-ampon

(A) Maternity Leave

Pagliban ng Pagka-ina

A female employee who has been employed by the employer for seven (7) consecutive months or longer, shall be eligible for a granted maternity leave of absence by the Employer. Said employee is required to provide written notice to the Employer where possible at least four (4) weeks before the expected birth, but in any event no later than two (2) weeks after they stop working, including a medical certificate stating the estimated date of delivery. Said employee shall be re-employed by the Employer after the birth, and must do so within seventeen (17) weeks unless she wishes to take parental leave immediately following her maternity leave.

Ang isang babaeng empleyado na nagtatrabaho ng pitong (7) magkaksunod na buwan o masmahaba pa, ay may karapatan na mabigyan ng pagliban ng pagka-ina ng Maypagawa. Ang nasabing empleyado ay kailangang magbigay na nakasulat na abiso sa Maypagawa kung saan maaari na hindi bababa sa apat (4) na linggo bago ang inaasahang panganganak, ngunit sa kahit na anong kaganapan ay hindi bababa sa dalawang (2) linggo pagkatapos nila huminto sa pagtatrabaho, kasama ang katibayang medikal na nagsasaad ng tinatayang petsa ng panganganak. Ang

nasabing empleyado ay tatanggapin muli sa trabaho ng Maypagawa pagkatapos ng panganganak, at dapat gawin sa loob ng labingpitong (17) linggo maliban kung nais niyang kumuha ng pagliban ng pagka-magulang kasunod ng kanyang pagliban ng pagka-ina.

Where an employee intends to work immediately following her maternity leave, she must make application, in writing, and give the Employer a minimum of four (4) weeks' notice in advance of the day she intends to return to work. She must provide the Employer with a doctor's certificate, certifying her to be medically fit to work.

Kung saan ang empleyado ay nagnanais na magtrabaho kaagad pagkatapos ng kanyang pagliban ng pagka-ina, kailangan niyang magpasa ng aplikasyon na nakasulat, at bigyan ang Maypagawa ng hindi bababa sa apat (4) na linggong abiso bago niya nais bumalik sa trabaho. Kailangan niyang magbigay ng kasulatan na galing sa doktor, na nagsasaad na siya ay mayroong hustong kalusugan upang bumalik sa trabaho.

Seniority shall accrue during a maternity leave of absence and benefits accumulated prior to said leave shall be maintained.

Ang katandaan ay maiipon habang nakaliban ng pagka-ina at ang mga benepisyong na naipon bago ang nasabing pagliban ay mananatili.

(B) Parental Leave /Adoption Leave

Pagliban ng Pagka-magulang / Pagliban ng Pag-ampon

(1) Entitlements

Mga Karapatan

Every employee who has been in the employ of the Company for seven (7) months and Ang bawat empleyado na nagtrabaho sa Kompanya ng pitong (7) buwan at

(a) who,

na,

(i) in the case of a female employee, becomes the natural mother of a child, sa kalagayan ng isang babaeng empleyado, ay naging natural na ina ng isang bata,

(ii) in the case of a male employee, becomes the natural father of a child or assumes actual care and custody of his newborn child, or,

sa kalagayan ng isang lalaking empleyado, ay naging natural na ama ng isang bata o ginampanan ang tunay na pag-aaruga at pangangalaga ng kaniyang bagong panganak na sanggol, o,

(iii) adopts a child under the law of a province; and

nag-ampon ng isang bata sa ilalim ng batas ng isang probinsya; at

(iv) has been employed by the Employer

for seven (7) consecutive months or longer.

nagtatrabaho para sa Maypagawa ng pitong (7) magkakasunod na buwan o masmahaba pa.

- (b) who submits to the Employer an application in writing for parental leave where possible at least four (4) weeks before the day specified in the application as the day on which the employee intends to commence the leave;

na nagbigay sa Maypagawa ng aplikasyon na nakasulat para sa pagliban ng pagkamagulang kung saan maaari na hindi bababa sa apat (4) na linggo bago ang araw na nakasaad sa aplikasyon bilang araw kung kailan nais simulan ng empleyado ang kanyang pagliban;

is entitled to, and shall be granted parental leave, consisting of a continuous period of up to thirty-seven (37) weeks.

ay may karapatan na, at bibigyan ng pagliban ng pagka-magulang, na binibilangan ng isang tuluy-tuloy na pahanon na hanggang tatlumpu't pitong (37) linggo.

(2) Commencement of Leave

Simula ng Pagliban

Parental leave must commence no later than the first anniversary date of the birth or adoption of the child or of the date on which the child comes into the actual care

and custody of the employee. The employee will decide when their parental leave is to commence.

Ang pagliban ng pagka-magulang ay magsisimula ng hindi lalagpas sa unang petsa ng anibersaryo ng panganganak o pagampon ng bata o sa petsa kung kailan dumating sa pangangalaga ng empleyado ang bata. Ang empleyado ang magpapasya kung kailan magsisimula ang kanilang pagliban ng pagka-magulang.

(3) Late Application for Parental Leave

Nahuling Aplikasyon para sa Pagliban ng Pagka-magulang

When an application for parental leave under 19.04 (B) (1) (b) above is not made in accordance with 19.04 1(b), the employee is nonetheless entitled to, and upon application to the Employer shall be granted, parental leave under this Section for the full thirty-seven (37) week leave period.

Kapag ang aplikasyon para sa pagliban ng pagka-magulang sa ilalim ng 19.04 (B) (1) (b) sa itaas ay hindi nagawa batay sa 19.04 1(b), may karapatan pa rin ang empleyado, at sa pagpasa ng aplikasyon sa Maypagawa ay bibigyan ng pahintulot, ng pagliban ng pagka-magulang sa ilalim ng Seksyon na ito para sa buong tatlung (37) linggo ng panahon ng pagliban.

(4) Reinstatement of Employee

Pagbalik sa dating tungkulin ng Empleyado

An employee who wishes to resume employment on the expiration of leave granted in accordance with this Section shall be reinstated in the position occupied at the time such leave commenced, or in a comparable position with not less than the same wages and benefits if the position they occupied no longer exists.

Kung nais ng isang empleyado na bumalik sa kanyang tungkulin sa araw ng pagtatapos ng kaniyang pagliban na alinsunod sa Seksyong ito ay ibalik sa dating tungkulin na kanyang pinaghahawakan noong nagsimula ang kanyang pagliban, o sa isang katulad na posisyon na hindi bababa sa katulad na sahod at mga benepisyo kung ang iniwang posisyon ay wala na.

(5) E.I. Benefits

Mga benepisyo ng E.I.

Eligible employees will be entitled to collect E.I. benefits in amounts and for a time period as provided for under the E.I. Act.

Ang mga karapat-dapat na empleyado ay may karapatan na kolektahin ang mga benepisyo ng E.I. sa mga halaga at para sa isang panahon na nakasaad sa Batas ng E.I.

(6) Seniority shall accrue during a parental leave of absence and benefits accumulated

prior to said leave shall be maintained.

Ang katandaan ay maiipon habang nakaliban ng pagka-magulang at ang mga benepisyo na naipon bago ang pagliban ay mananatili.

(7) Benefits provided for in this section are in addition to any and all maternity leave benefits that are available to an employee. Ang mga benepisyo na ibinigay sa seksyon na ito ay karagdagan sa kahit na ano at lahat ng benepisyo ng pagliban ng pagka-ina na mayroon ang empleyado.

(8) If the Employment Standards Code changes in the Province of Manitoba this provision is automatically amended to be in accordance with the legislative changes.

Kapag nagbago ang Employment Standards Code sa Probinsya ng Manitoba ang kondisyong ito ay awtomatikong babaguhin upang maging alinsunod sa mga pambatas na pagbabago.

19.05 **Personal Leave (1 - 4 days)**
Pansariling Pagliban (1 – 4 na araw)

The Company will consider granting a personal leave without pay (up to 4 days) to employees where required. The request will be made in writing as far as in advance as possible. The consideration of such request will be subject to the reason for their request, frequency of the request, and the ability to accommodate the request based on operational

requirements, but will not be unreasonably denied. Any time taken off for personal leave will be considered an authorized absence and will not affect an employee's success sharing entitlements.

Pagaaralan ng Kompanya ang pagbigay ng pansariling pagliban na walang kabayaran (hanggang 4 na araw) sa mga empleyado kung saan kailangan. Ang kahilingan ay gagawin na pasulat at maagang-maaga kung maaari. Ang pagaaral ng ganitong kahilingan ay sakop ng dahilan ng kanilang kahilingan, kadalasan ng kahilingan, at ang kakayahan na maibigay ang kahilingan batay sa mga pangangailangan ng operasyon, ngunit hindi tatanggihan ng walang katwiran. Ang kahit na anong oras na ginamit para sa pansariling pagliban ay ituturing na pinahintulutang pagliban at hindi makakaapekto sa tagumpay ng empleyado na nakikihati sa mga karapatan.

19.06 **Jury Duty/Selection**

Tungkulin ng/Pagkapili bilang Hurado

Full-time employees, and part-time employees averaging twenty (20) hours or more per week in the four (4) preceding weeks, summoned to jury duty/**selection**, shall be paid wages amounting to the difference between the amount paid them for jury duty/**selection** and the amount they would have earned had they worked on such days to the maximum of eight (8), **nine and a half (9.5), ten (10) or twelve (12)** hours per day or **either forty (40) or thirty eight (38)** hours per week. **The amount of pay will be determined by averaging the employees hours worked or paid in the four (4) preceding weeks.**

This does not apply if the employee is excused from jury duty/**selection** for the rest of the day or days and fails to report back to work, or if jury duty/**selection** occurs on the employee's scheduled day off.

Ang mga full-time na empleyado, at mga part-time na empleyado na mayrrong humigit-kumulang na dalawampung (20) oras o higit pa bawat linggo sa loob ng apat (4) na naunang linggo, ay tinawag para sa tungkulin ng/**pagkapili bilang** hurado, ay babayaran ng sahod na may halaga na pagkakaiba sa pagitan ng halagang ibinayad sa kanila para sa tungkulin ng/**pagkapili bilang** hurado at ang halaga na kanilang kikitain kung sila ay nagtrabaho sa mga araw na iyon hanggang walo (8), **siyam at kahalati (9.5), sampu (10) o labindalawang (12)** oras bawat araw o **kahit alin sa apatnapu (40) o tatlumpu't walong (38)** oras bawat linggo. **Ang halaga ng sahod ay malalaman sa pamamagitan ng pagkuha ng maghumigit-kumulang na mga oras na tinrabaho ng empleyado o binayaran ng apat (4) na naunang linggo.** Hindi ito akma kung ang empleyado ay pinayagang hindi gawin ang tungkulin ng/**pagkapili bilang** hurado sa natitirang araw o mga araw at nabigong bumalik sa trabaho, o kung ang tungkulin ng/**pagkapili bilang** hurado ay mangyayari sa itinakdang araw na walang trabaho ang empleyado.

19.07 **Witness Fees**

Kabayaran sa pagiging Testigo

Employees required to appear in Court as a witness on behalf of the Company or the Crown will be paid wages amounting to the difference between

the amount paid them for witness fees and the amount they would have earned had they worked on such days to a maximum of eight (8) hours per day and forty (40) hours per week.

Ang mga empleyado na kailangang humarap sa Husgado bilang isang testigo sa ngalan ng Kompanya o ng Korona ay babayaran ng sahod na nagkakahalaga ng pinagkaibahan sa pagitan ng halaga na ibinayad sa kanila para sa kabayaran sa pagiging testigo at ang halaga na kanilang kinita kung sila ay nagtrabaho sa mga araw na iyon hanggang sa walong (8) oras bawat araw at apatnapung (40) oras bawat linggo.

Employees appearing as a witness on behalf of the Company on their day off will be paid a minimum of four (4) hours or the amount they would have earned had they worked on such day, as above. This compensation shall be paid at the employee's straight time hourly rate and shall not be considered as payment for time worked.

Ang mga empleyadong humaharap bilang testigo sa ngalan ng Kompanya sa kanilang araw ng pahinga ay babayaran ng hindi bababa sa apat (4) na oras o ang halaga na kanilang kikitain kung sila ay nagtrabaho sa araw na iyon, katulad ng nasa itaas. Ang kabayaranang ito ay babayaran sa halaga ng sahod nila bawat oras at hindi ituturing na kabayaran para sa tinrabahong oras.

19.08 **Bereavement Pay**

Kabayaran dahil Nagluluksa

- (a) All employees shall be granted time off

from work, with pay, to a maximum of three (3) consecutive scheduled work days, in the event of death in the immediate family. The term "immediate family" shall mean spouse or common law spouse, parent or stepparent, child or stepchild, brother or sister, mother-in-law, father-in-law, sister-in-law, brother-in-law, grandparent, and grandchild.

Ang lahat ng empleyado ay bibigyan ng panahon na walang trabaho, na may kabayaran, hanggang sa tatlong (3) magkakasunod na itinakdang araw ng trabaho, sa kaganapan na may namatay sa pinakamalapit na pamilya. Ang salitang “pinakamalapit na pamilya” ay may ibig sabihin na asawa o karaniwang asawa sa batas, magulang o amain/inain, anak o anak na panguman, kapatid na lalaki o babae, biyenang babae, biyenang lalaki, hipag, bayaw, lolo/lola, at apo.

(b) Bereavement leave shall be extended by up to two (2) additional working days without pay, concurrent with the leave, as may be necessitated by reason of travel to attend the funeral, when the funeral is held more than five hundred (500) kilometres (one way) from the employee's place of residence. Additional days off without pay for other reasons may be granted by mutual agreement between the Company and the employee concerned.

Ang pagliban dahil namatayan ay papahabain ng hanggang dalawang (2) karagdagang araw ng pagtrabaho na walang kabayaran, kasabay ng pagliban, na maaaring kailanganin dahil sa paglakbay upang makapunta sa burol, kapag ang burol ay itinakda sa lugar na higit sa limangaang (500) kilometro (isang daanan) mula sa tirahan ng empleyado. Ang mga karagdagang araw na walang trabaho at walang

kabayaran para sa ibang mga dahilan ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa pagitan ng Kompanya at ng empleyado.

(c) All employees shall be granted time off work, with pay, to a maximum of one (1) day in the event of death of a grandparent-in-law, aunt, uncle, **niece or nephew.**

Ang lahat ng empleyado ay bibigyan ng panahon na walang trabaho, may kabayaran, hanggang sa isang (1) araw sa kaganapan na namatay ang lolo/lola ng asawa ng empleyado, tiyahin, tiyuhin, **pamangkin na babae o lalaki.**

(d) If a bereavement leave occurs during an employee's vacation, that portion of their vacation time shall be rescheduled upon their return to work at a time agreed upon between the employee and their immediate Supervisor.

Kung ang pagliban dahil namatayan ay mangyayari habang nasa bakasyon ang empleyado, ang bahaging iyon ng kanilang bakasyon ay itatalaga sa ibang oras pagbalik nila sa trabaho sa pinagsang-ayunang panahon sa pagitan ng empleyado at ng kanyang Tagapamahala.

(e) Proof of death may be requested by the Company. (Acceptable proof will include death certificate, newspaper notice, memorial card or letter from a local clergy.)

Maaaring humingi ng katibayan ng pagkamatay ang Kompanya. (Maaaring tanggapin ang katibayan ng pagkamatay, abiso sa pahayagan, kard o sulat na pang-aalala galing sa lokal na pari.)

19.09 **Family Responsibility Leave**

Pagliban dahil sa Responsibilidad sa Pamilya

In the event of an illness or injury occurring to an employee's spouse, parent or child, an employee may request, and if so, shall be granted a leave of absence or absences which shall not exceed five (5) days of unpaid leave in total per calendar year. The purpose of this leave shall be to enable the employee to attend to the needs of their ailing spouse (including common law spouse), parent or child, or the ailing brother, sister, stepbrother, stepsister, uncle, aunt, nephew, niece, grandchild, grandparent, of the employee or of the employee's spouse or common law spouse; and will also include current or former foster parent, current or former foster child, ward, guardian of the employee or of the employee's spouse or common law spouse, or any other person whom the employee considers to be like a close relative, whether or not they are related by blood, adoption, marriage or common law relationship. The Company will be given as much notice as possible in such events. Any time off taken for family responsibility leave will be considered an authorized absence and will not affect an employee's success sharing entitlement.

Sa kaganapan na mayroong sakit o pinsala ang asawa, magulang o anak ng empleyado, maaaring humiling ang empleyado, at kung gayon, ay bibigyan ng pagliban o mga pagliban na hindi lalampas sa limang (5) araw na walang kabayaran na kabuuang pagliban bawat taon ng kalendaryo. Ang layunin ng pagliban na ityo ay upang mabigyan ang empleyado

ng pagkakataon na alagaan ang kanilang maysakit na asawa (kasama ang karaniwang asawa sa batas), magulang o anak, o ang maysakit na kapatid na lalaki, kapatid na babae, kinakapatid na lalaki, kinakapatid na babae, tiyuhin, tiyahin, pamangkin na lalaki, pamangkin na babae, apo, lolo/lola, ng empleyado o ng asawa ng empleyado o karaniwang asawa sa batas; at kasama rin ang kasalukuyan o dating umampon na magulang, kasalukuyan o dating ampon na bata, ward, tagapangalaga ng empleyado o ng asawa ng empleyado o karaniwang asawa sa batas, o kahit na sinong tao na itinuturing ng empleyado bilang malapit na kamaganak, maging may kaugnayan sila sa dugo o wala, pag-aampon, kasal o karaniwang relasyon sa batas. Bibigyan ang Kompanya ng abiso ukol sa mga kaganapang ito. Ang kahit na anong ginamit na panahon na walang trabaho para sa pagliban dahil sa responsibilidad sa pamilya ay ituturing na pagliban na mayroong pahintulot at hindi makaka-apekto sa tagumpay ng empleyado na nakikihati sa mga karapatan.

19.10 **Compassionate Leave**

Pagliban ng Pakikiramay

The Company agrees to grant time off consistent with the compassionate leave provisions of the *Manitoba Employment Standards Act*.

Sumasang-ayon ang Kompanya na bigyan ng panahon na walang trabaho na alinsunod sa mga kondisyon ng pagliban ng pakikiramay ng *Manitoba Employment Standards Act*.

19.11 Citizenship Leave

Pagliban ng Pagkamamamayan

Employees who have applied to become a Canadian Citizen will be granted a one (1) day unpaid leave to take their oath of citizenship.

Ang mga empleyado na nag-aplay upang maging Mamamayan ng Canada ay bibigyan ng isang (1) araw ng pagliban na walang kabayaran upang magawa ang kanilang panunumpa ng pagkamamamayan.

**SECTION 20
HEALTH AND WELFARE
KALUSUGAN AT KAPAKANAN**

20

20.01 Health and Welfare benefits shall be as contained in Appendix A to this Collective Bargaining Agreement.

20.01 Ang mga benepisyo ng Kalusugan at Kapakanan ay nakasaad sa Apendiks A sa Collective Bargaining Agreement na ito.

SECTION 21 REPRIMANDS MGA MAHIGPIT NA PANGANGARAL

21.01 When an employee in the bargaining unit is subjected to a disciplinary interview (where the company intends to discipline the employee, such as to be given a written reprimand, suspension, or discharge), said employee shall have a shop steward **of their choice, provided they are in the same department and on the same shift. In instances where multiple employee interviews are required, the same shop steward will be utilized for all.** Should an interpreter be required, another employee capable of interpreting the applicable language shall also attend this interview. The interpreter will be in addition to those mentioned above only if a Union Steward is unable to provide the interpretation required. It is expected that those mentioned (with the conditional provision of the interpreter based on need) will be in attendance from the start of the interview.

Kapag ang empleyado sa bargaining unit ay isinailalim sa isang pakikipanayam na disiplina (kung saan ang kompanya ay nais na disiplinahin ang empleyado, na bibigyan ng nakasulat na mahigpit na pangangaral, suspensyon, o pagkakatanggal sa trabaho), ang nasabing empleyado ay magkakaroon ng isang shop steward **na kanilang pinili, sa kondisyon na sila ay nasa iisang kagawaran at oras ng pagtrabaho. Sa mga pagkakataon kung saan maraming pakikipanayam na disiplina sa higit**

sa isang empleyado ang kailangan, iisang shop steward lamang ang gagamitin para sa kanilang lahat. Kapag kinailangan ng tagapagsalin, ang isa pang empleyado na may kakayahan na magsalin ng ankop na wika ang pupunta rin sa pakikipanayam. Ang tagapagsalin ay karagdang tao sa nabanggit sa itaas kung ang Steward ng Unyon ay hindi makakapagbigay ng pagsalin na kailangan. Inaasahan na ang mga nabanggit (na mayroong kondisyonal na pangangailangan ng tagapagsalin) ay pupunta sa simula pa lamang ng pakikipanayam.

21.02 The employee will be given a copy of such discipline which is to be entered on the employees personnel file. A copy of the discipline will be faxed or emailed to the Union office. If a Shop Steward or member is not present as required, or a copy of disciplinary notice is not faxed to the Union office, the resulting discipline shall not be valid and may not be utilized by the Company. Representation shall not be required in the case of probationary employees.

Ang empleyado ay bibigyan ng kopya ng pagdisiplina na isasama sa talaksan ng empleyado. Ang isang kopya ng pagdisiplina ay ipapadala sa opisina ng Unyon sa pamamagitan ng pag-fax o email. Kung wala ang Shop Steward o miyembro, o ang isang kopya ng abiso ng pagdisiplina ay hindi nai-fax sa opisina ng Unyon, ang resulta ng pagdisiplina ay mawawalan ng bisa at hindi maaaring gamitin ng Kompanya. Ang pangangatawan ay hindi kakailanganin kung ang empleyado ay hindi regular.

21.03 In unusual circumstances, where it is necessary for the Company to advise an employee by mail of discharge, the Company will fax a copy of the discipline to the Union office.

Sa mga kakaibang pagkakataon, kung saan kailangan ng Kompanya na abisuhan ang empleyado na tatanggalin sila sa pamamagitan ng koreo, magpapadala ng kopya na pagdisiplina ang Kompanya sa opisina ng Unyon sa pamamagitan ng fax.

21.04 **Removal of Disciplinary References**

Pagtanggal ng mga Pagtukoy sa Pagdisiplina

The Company will remove all disciplinary references from the employee's personnel file provided there has been no further disciplinary action taken against the employee for a period of twenty-four (24) months of employment. This time frame of twenty-four (24) calendar months shall not include the following:

Tatangalin ng Kompanya ang lahat ng mga pagtukoy sa pagdisiplina mula sa talaksan ng empleyado sa kondisyon na wala nang ibang pagdidisiplina ang iginawad sa empleyado sa loob ng dalawampu't apat (24) na buwan ng kanyang pagtatrabaho. Ang panahon na ito na dalawampu't apat (24) na buwan ng kalendaryo ay hindi isasama ang mga sumusunod:

- 1) periods of lay-off;
mga panahon ng pagkakatanggal;

- 2) periods of leave of absence without pay; mga panahon ng pagliban na walang kabayaran;
- 3) absences due to illness or injury which exceed thirty (30) continuous calendar days.
mga pagliban sanhi ng pagkakasakit o pagkakapinsala na hindi lalampas ng tatlung (30) magkakasunod na araw ng kalendaryo.

SECTION 22

ADJUSTMENT OF GRIEVANCES

PAGBAGO NG MGA REKLAMO

22

22.01 Any complaint, disagreement or difference of opinion between the Company, the Union or the employees covered by this Collective Bargaining Agreement, which concerns the interpretation, application, operation or alleged violation of the terms and provisions of this Collective Bargaining Agreement, shall be considered as a grievance.

Ang kahit na anong reklamo, hindi pagkakaintindihan o pagkakaiba ng opinyon sa pagitan ng Kompanya, ang Unyon o ang mga empleyado na sakop ng Collective Bargaining Agreement na ito, na tungkol sa interpretasyon, aplikasyon, operasyon o di-umano'y paglabag sa mga tuntunin at kondisyon ng Collective Bargaining Agreement na ito, ay ituturing bilang isang reklamo.

22.02 **Information**
Impormasyon

Where the Union requires information regarding accumulated hours of work for the purpose of establishing the pay rate of an employee, the Company agrees to co-operate to supply such information back to a period of two (2) years or such longer times as may be required to establish their proper rate of pay.

Kung saan ang Unyon ay nangangailangan ng impormasyon tungkol sa naipon na mga oras ng trabaho para sa layunin na patunayan ang halaga ng sahod ng empleyado, sumasang-ayon ang Kompanya na makipagtulungan sa pagbigay ng nasabing impormasyon pabalik sa panahon ng dalawang (2) taon o masmahaba pang panahon na maaaring kailagan upang mapatunayan ang angkop na halaga ng sahod.

22.03 In any grievance regarding hours worked by an employee and the amount paid to an employee, the Company shall promptly supply such information in respect to the two (2) pay periods immediately prior to the request. If information for a longer period is required, the normal process of the Grievance Procedure shall apply.

Sa kahit na anong reklamo tungkol sa mga oras na tinrabaho ng isang empleyado at ang halaga na babayaran sa isang empleyado, maagap na ibibigay ng Kompanya ang impormasyon na ito batay sa dalawang (2) panahon ng sahod kaagad bago ang paghiling nito. Kung ang impormasyon para sa masmahabang panahon ay kailangan, ang karaniwang proseso ng Patakaran ng Pagreklamo ang gagamitin.

22.04 The Union shall not use the foregoing provision to request information that does not pertain to a specific grievance of an employee.

Hindi gagamitin ng Unyon ang naunang kondisyon upang humiling ng impormasyon na walang kinalaman sa reklamo ng isang empleyado.

22.05 Any employee, the Union or the Company may present a grievance. Any grievance which is not presented within fifteen (15) working days following the event giving rise to such grievance, or within ten (10) working days of the last day worked when relating to a discharge grievance, shall be forfeited and waived by the aggrieved party. In regards to a disciplinary grievance, “the event giving rise” will be the date the Union receives notification by fax or email as per Article 21.02.

Ang kahit na sinong empleyado, Unyon man o ang Kompanya ay maaaring magharap ng isang reklamo. Ang kahit na anong reklamo na hindi hinarap sa loob ng labinlimang (15) araw ng trabaho kasunod ng pangyayari na naging sanhi ng reklamo, o sa loob ng sampung (10) araw ng trabaho ng huling araw na tinrabaho kapag tinutukoy ang reklamo ng pagkakatanggal sa trabaho, ay mawawalan ng bisa at iurong ng naagrabyadong pangkat. Patungkol naman sa reklamo sa pagdisiplina, “ang pangyayari na naging sanhi” ay ang magiging petsa kung kailan matatanggap ng Unyon ang abiso sa pamamagitan ng fax o email ayon sa Artikulo 21.02.

22.06 All grievances shall be submitted in writing.
Isusulat ang lahat ng reklamo na isusumite.

22.07 The procedure for adjustment of grievances and disputes by an employee shall be as follows:

Ang proseso upang mabago ang mga reklamo at pagtatalo ng isang empleyado ay ang mga sumusunod:

- (1) by a discussion between the employee and the Chief Steward, or Assistant Chief Steward, or Union Representative, or the employee's immediate superior.

sa pamamagitan ng pagtatalakay sa pagitan ng empleyado at ng Chief Steward, o Assistant Chief Steward, o Kinatawan ng Unyon, o ang pinuno ng empleyado.

- (a) When an employee takes a grievance to the Chief Steward, or Assistant Chief Steward, or Union Representative, Step One of the Grievance Procedure shall be considered complied with, providing the Chief Steward, or Assistant Chief Steward, or Union Representative files the grievance in writing with the Plant Manager or his designate. The Plant Manager or designate shall reply to the grievance in writing within five (5) calendar days to the Union Representative. After five (5) calendar days, the Union

Representative may proceed to Step Two.

Kapag ang empleyado ay mayroong reklamo laban sa Chief Steward, o Assistant Chief Steward, o Kinatawan ng Unyon, ang Unang Hakbang ng Proseso ng Pagreklamo ay ituturing na pinagsama-sama, sa kondisyon na ang Chief Steward, o Assistant Chief Steward, o Kinatawan ng Unyon ay isusumite ang reklamo na nakasulat kasama ang Tagapamahala ng Planta o ang kanyang itinakdang kapalit. Ang Tagapamahala ng Planta o ang kanyang itinakdang kapalit ay sasagot sa reklamo ng nakasulat sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo sa Kinatawan ng Unyon. Pagkatapos ng limang (5) araw ng kalendaryo, ang Kinatawan ng Unyon ay maaaring tumuloy sa Pangalawang Hakbang.

- (b) If an employee takes a grievance to their immediate superior and a satisfactory settlement has not been reached within five (5) calendar days, then:

Kung mayroong reklamo ang empleyado laban sa kanyang pinuno at hindi maabot ang isang kaaya-ayang pagkakasundo sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo, kung gayon:

-
- (2) The Union Representative or his designate may take the matter up with the Company Official designated by the Company to handle labour relations matters. If the matter is not taken up within ten (10) calendar days of the date the Union received the written reply to the grievance in Step One, it will be deemed to have been abandoned and further recourse to the Grievance Procedure shall be forfeited.

Ang Kinatawan ng Unyon o ang kanyang itinakdang kapalit ay maaaring dalhin ang bagay na tio sa Opisyal ng Kompanya na itinalaga ng Kompanya upang hawakan ang mga ganitong mga bagay na may kaugnayan sa trabaho. Kung ang bagay na ito ay hindi dinala sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan natanggap ng Unyon ang nakasulat na kasagutan sa reklamo sa Unang Hakbang, ituturing itong inabandona at ang mawawalan ng bisa ang karagdagang pagdulog sa Proseso ng Pagreklamo.

22.08 If a satisfactory settlement cannot be reached, then upon request of either party, within fourteen (14) calendar days of receiving the final, written decision from either party, but not thereafter, the matter may then be referred to an Arbitrator, selected in accordance with Section 23.

Kapag hindi makaabot sa isang kaaya-ayang pagkakasundo, kung gayon sa kahilingan ng sinuman sa parehong panig, na sa loob ng apatnapung (14)

araw ng kalendaryo ng pagkakatanggap ng huling, nakasulat na desisyon mula sa sinuman sa parehong panig, ngunit hindi pagkatapos, ang bagay na ito ay maaaring isangguni sa isang Tagahatol, pinili ayon sa Seksyon 23.

SECTION 23

SELECTION OF AN ARBITRATOR

PAGPILI NG ISANG TAGAHATOL

23

23.01 After one of the parties indicates they are taking the matter to arbitration, the matter shall be referred to a single Arbitrator as indicated in Section 23.02.

Pagkatapos ipahiwatig ng isa sa mga partido na kanilang dadalhin ang bagay na ito sa arbitrasyon, ang bagay na ito ay isasangguni sa isang Tagahatol batay sa nakasaad sa Seksyon 23.02.

In the interest of settling a grievance prior to an arbitration hearing, either party may request the assistance of a grievance mediator from the Province of Manitoba Conciliation Services. During the life to this Collective Bargaining Agreement, the parties may mutually agree to a list of mediators other than the mediators provided from the Province of Manitoba Conciliation Services.

Sa interes ng pag-aayos ng isang reklamo bago ang pagdinig sa arbitrasyon, sinuman sa mga partido ay maaaring humiling ng tulong sa isang tagapamagitan ng reklamo mula sa Province

of Manitoba Conciliation Services. Sa buhay ng Collective Bargaining Agreement na ito, ang mga partido ay sumasang-ayon sa isang listahan ng mga tagapamagitan maliban sa mga tagapamagitan na galing sa Province of Manitoba Conciliation Services.

23.02 A grievance shall be referred to the single Arbitrator as indicated below according to the date of the grievance to the following panel of individuals:

Ang reklamo ay isasangguni sa isang Tagahatol batay sa nakasaad sa ibaba ayon sa petsa ng reklamo sa mga sumusunod na entrepanyo ng mga indibidwal:

- (1) Blair Graham
- (2) Arne Peltz
- (3) Gavin Wood

commencing with the name following the name of the last Arbitrator, and commencing again at the beginning of the panel after coming to the end of the panel. For the purpose of such allocation a case which has been withdrawn from arbitration shall be deemed not to have been withdrawn from arbitration. If in any case the Arbitrator allotted is unwilling or unable to act, the individual whose name follows his in the panel shall be submitted as the Arbitrator.

Magsisimula sa pangalan kasunod ang pangalan ng huling Tagahatol, at magsisimula muli sa umpisa ng entrepanyo pagkatapos dumating sa katapusan ng entrepanyo. Para sa layunin ng paggugol ang isang kaso na inurong mula sa arbitrasyon ay ituturing na hindi inurong mula sa arbitrasyon. Kung sa anumang

pangyayari ang inilaang Tagahatol ay ayaw o walang kakayahang kumilos, ang indibidwal na kasunod ng kanyang pangalan sa entrepanyo ang isusumite bilang Tagahatol.

23.03 Whenever one of the parties refers a matter to arbitration, the matter shall be heard within thirty (30) calendar days for suspension or termination and ninety (90) calendar days for any other matters. The matter shall be heard within that time limit unless both parties mutually agree to a date beyond the thirty (30) calendar day or ninety (90) calendar day requirement, or in the event that none of the three (3) arbitrators listed above are available to meet within the thirty (30) calendar day requirement or ninety (90) calendar day requirement, whichever is applicable. If the parties cannot mutually agree to a date beyond the thirty (30) calendar day requirement, or ninety (90) calendar day requirement, whichever is applicable, the matter shall be referred to the selected Arbitrator who shall have the right to decide on the matter. In no event can a hearing be extended to a period longer than another thirty (30) calendar days. The Arbitrator shall have thirty (30) calendar days to render a decision in regard to any matters dealing with suspension or termination, and ninety (90) calendar days from the last date of the hearing on any arbitration cases referred to him or her other than suspensions or terminations.

Kapag ang isa sa mga partido ay isinangguni ang bagay na ito sa arbitrasyon, ang bagay na ito ay didinigin sa loob ng tatlung (30) araw ng kalendaryo para sa suspensyon o pagtatanggal at

siyamnapung (90) araw ng kalendaryo para sa ibang mga bagay. Ang bagay na ito ay didinigin sa loob ng panahon na iyon maliban kung sumang-ayon ang parehong panig sa isang petsa na lampas sa tatlumpung (30) araw ng kalendaryo o siyamnapung (90) araw ng kalendaryo na pangangailangan, o sa kaganapan na wala sa tatlong (3) mga tagahatol na naka-lista sa itaas ang maaaring makipagpulong sa loob ng tatlumpung (30) araw ng kalendaryo na pangangailangan o siyamnapung (90) araw ng kalendaryo na pangangailangan, kung anuman ang angkop. Kung ang mga partido ay hindi makapagsang-ayon sa isang petsa na lampas sa tatlumpung (30) araw ng kalendaryo na pangangailangan, o siyamnapung (90) araw ng kalendaryo na pangangailangan, kung anuman ang angkop, ang bagay na ito ay isasangguni sa piniling Tagahatol na siyang magpapasya sa bagay na ito. Hindi maaaring pahabain ang pagdinig sa panahon na masmahaba sa tatlumpung (30) araw ng kalendaryo. Ang tagahatol ay mayroong tatlumpung (30) araw ng kalendaryo upang makapagdesisyon tungkol sa kahit na anong bagay na ukol sa suspensyon o pagtatanggal, at siyamnapung (90) araw ng kalendaryo mula sa huling petsa ng pagdinig sa kahit na anong mga kaso ng arbitrasyon na isinangguni sa kanya maliban lang sa mga suspensyon o pagtatanggal.

23.04 The Arbitrator shall receive and consider such material evidence and contentions as the parties may offer and shall make such independent investigation as (s)he deems essential to a full understanding and determination of the issues involved. In reaching his or her decision, the Arbitrator

shall be governed by the provisions of this Collective Bargaining Agreement.

Ang Tagahatol ay tatanggap at ituturing ang mga ebidensya at pagtatalo na maaaring i-alok ng mga partido at gagawa ng sariling imbestigasyon na kanyang palagay ay mahalaga para sa ganap na pagkakaintindi at pagpapasiya ng mga suliraning kasangkot. Sa pagabot ng kanyang desisyon, ang Tagahatol ay masasakop ng mga kondisyon ng Collective Bargaining Agreement na ito.

23.05 In the event of termination, discharge or suspension of an employee, the Arbitrator shall have the right to sustain the Company's action, or reinstate the employee with full, part or no back pay, with or without loss of seniority, or to settle the matter in any way it deems advisable.

Sakaganapan ng pagtatanggal o suspensyon ng isang empleyado, may karapatan ang Tagahatol na ituloy ang kilos ng Kompanya, o ibalik sa trabaho ang empleyado na mayroong full, part o walang naantalang bayad, mayroon o walang pagkawala ng katandaan, o mapagkasunduan ang bagay na ito sa kahit na anong paraan na naipapalagay na marapat.

23.06 The decision of the Arbitrator shall be final and binding upon all parties concerned.

Ang desisyon ng Tagahatol ay huli at umiiral sa lahat ng mga partido na may pananagutan.

23.07 The Arbitrator shall not be vested with the power to change, modify or alter any of the terms of this Collective Bargaining Agreement, except as indicated in Section 23.05 above. All grievances submitted shall present an arbitrable issue under this Collective Bargaining Agreement and shall not depend on or involve an issue or contention by either party which is contrary to any provision of this Collective Bargaining Agreement or which involves the determination of a subject matter not covered by or arising during the term of this Collective Bargaining Agreement.

Ang Tagahatol ay bibigyan ng kapangyarihan na baguhin ang kahit na anong mga tuntunin ng Collective Bargaining Agreement na ito, maliban lang sa nakasaad sa Seksyon 23.05 sa itaas. Ang lahat ng mga reklamo na isinumite ay maghaharap ng kahatol-hatol na suliranin sa ilalim ng Collective Bargaining Agreement na ito at hindi aasa o magpapaloob ng isang suliranin o pagtatalo ng sinuman sa partido na taliwas sa kahit na anong kondisyon sa Collective Bargaining Agreement na ito o nagsasangkot ng pagpapasiya ng isang bagay na hindi sakop ng o magkakaroon habang nasa panahon ng Collective Bargaining Agreement na ito.

23.08 It is the intention of the parties that this Section shall provide a peaceful method of adjusting all grievances, so that there shall be no suspension or interruption of normal operation, as a result of any grievance. The parties shall act in good faith in accordance with the provisions of Section 22 of this Collective Bargaining Agreement.

Layunin ng mga partido na ang Seksyon na ito ay magbibigay ng isang mapayapang paraan ng pagbago ng lahat ng mga reklamo, upang walang suspensyon o pagkaabala ng karaniwang operasyon, bilang sanhi ng kahit na anong reklamo. Ang mga partido ay gaganap na may pagtitiwala ayon sa mgakondisyon ng Seksyon 22 ng Collective Bargaining Agreement na ito.

